



Gabay sa mga Karapatan ng Magulang sa Espesyal na Edukasyon

Abiso sa Pananggalang sa Pamamaraan sa Espesyal na Edukasyon

Abril 2017

Ohio | Kagawaran
ng Edukasyon



Tungkol sa Espesyal na Edukasyon

Ang espesyal na edukasyon, para sa mga estudyanteng edad 3 hanggang 21 taong gulang, ay ginagabayan ng pederal at pang-estadong mga kinakailangan. Ang pederal na mga kinakailangan ay tinutukoy bilang Batas sa Edukasyon sa mga Indibiduwal na May mga Kapansanan (IDEA, Individuals with Disabilities Education Act). Ang pang-estadong mga kinakailangan ay tinutukoy bilang Mga Pamantayan sa Pagpapatakbo para sa Edukasyon ng mga Batang May mga Kapansanan ng Ohio (Ohio Operating Standards for the Education of Children with Disabilities) o Mga Pamantayan sa Pagpapatakbo ng Ohio (Ohio Operating Standards).

Makatutulong ang gabay na ito upang maunawaan mo ang iyong mga karapatan at ang mga karapatan ng iyong anak ayon sa IDEA at Mga Pamantayan sa Pagpapatakbo ng Ohio. Nagbibigay rin ito sa iyo ng impormasyon at mga mapagkukunan upang tulungan kang maunawaan ang mga suporta at serbisyo sa espesyal na edukasyon ng iyong anak.

Makatutulong din ang iyong lokal na distrito ng paaralan upang maunawaan ang iyong mga karapatan sa ilalim ng batas na ito. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa impormasyon sa gabay na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa patnugot sa espesyal na edukasyon para sa iyong distrito.

Ang Pakikipag-ugnay para sa Espesyal na Edukasyon sa Iyong Paaralan

Distrito: *Mangyaring idagdag ang sumusunod na impormasyon sa napupunang bahagi na ito:*

Patnugot sa Espesyal na Edukasyon:

Numero ng telepono:

Email address:

Pakikipag-ugnay para sa Espesyal na Edukasyon sa Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio

(Telepono) 614-466-2650

(Libreng tawag) 877-644-6338

(Fax) 614-728-1097

25 S. Front Street, Mail Stop 409
Columbus, Ohio 43215

Exceptionalchildren@education.ohio.gov

Para sa mga tumatawag gamit ang teletypewriter (TTY), mangyaring tumawag sa Serbisyo sa Paghahatid ng Mensahe ng Ohio (Ohio Relay Service) sa (800) 750-0750. Karagdagang Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

<http://bit.ly/2hgiNa1>

Panimula sa Gabay sa mga Karapatan ng Magulang na ito

Pinoprotektahan ng Batas sa Edukasyon ng mga Indibiduwal na May mga Kapansanan (IDEA, Individuals with Disabilities Education Act) ang mga karapatan ng mga estudyanteng may mga kapansanan at ang mga karapatan ng kanilang mga magulang. Ipapaalam sa iyo ng gabay na ito ang tungkol sa mga karapatang iyon. Dapat mong bigyan ng kopya ng gabay ang iyong paaralan isang beses kada taon kung tumatanggap ang iyong anak ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon. Dapat makatanggap ka rin ng kopya:

- Kung humiling ka na ipasuri ang iyong anak dahil sa palagay mo ay maaaring may kapansanan ang iyong anak;
- Kung nais ng iyong distrito ng paaralan na suriin ang iyong anak dahil sa palagay nito ay maaaring may kapansanan ang iyong anak;
- Kung nagsampa (nagsumite) ka ng *reklamo* – sa pamamagitan ng pagsulat – sa Tanggapan ng Pambihirang mga Bata sa Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio, at ito ang iyong *unang* reklamo sa taong paaralan;
- Kung nagsampa (nagsumite) ka ng kahilingan – sa pamamagitan ng pagsulat – sa Tanggapan para sa Pambihirang mga Bata sa Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio para sa *angkop na paraan na pagdinig* ukol sa edukasyon ng iyong anak, at ito ang unang pagkakataon na humiling ka sa taong paaralan;
- Kung ang iyong anak ay *tinanggal sa paaralan dahil sa mga kadahilanan sa disiplina (pag-uugali)* – at ang iyong anak ay natanggal na sa paaralan nang 10 araw o higit pa sa kasalukuyang taong paaralan; o
- Anumang oras na *humiling ka ng kopya ng gabay*.



Talaan ng Nilalaman

Pangkalahatang Impormasyon	5
Ipinaalam na Pahintulot ng Magulang	
Kwalipikado ba ang Iyong Anak para sa Espesyal na Edukasyon?	
Indepdyenteng mga Pagsusuring Pang-edukasyon	
Paunang Nakasulat na Abiso	
Mga Talaan sa Edukasyon.....	10
Pag-access ng mga Talaan	
Resolusyon ng Hindi Pagkakaunawaan	12
Proseso ng Resolusyon ng Hindi Pagkakaunawaan	
Maagang Resolusyon ng Reklamo	
Pagpapadali	
Pamamagitan	
Pagsumite ng Reklamo sa Estado	
Proseso ng Pagreklamo sa Estado	
<u>Pagsampa ng Angkop na Proseso na Reklamo</u>	
<u>Mga Tinakdang Panahon at Proseso sa Angkop na Proseso</u>	
Ang Proseso sa Pagdinig	
Pag-apela ng Pasya	
<u>Katayuan ng Bata sa Panahon ng Angkop na Proseso</u>	
Mga Singil ng Abogado	
Disiplina	29
Mga Pamamaraan ng Pagdisiplina para sa mga Batang May mga Kapansanan	
Pagtutukoy ng Palatandaan	
Pansamantalang Alternatibong Pang-edukasyon na Kalalagyan	
Sariling Pagtatalaga ng mga Batang May Kapansanan ng mga Magulang sa Isang Pribadong Paaralan sa Gastos ng Publiko	32
Proseso sa Pagpapasya ng Pagbabalik-bayad	
Abiso sa Magulang ng mga Programa sa Iskolarsyip para sa mga Estudyanteng May mga Kapansanan	33
Kapag Nagkaroon ng Pag-aabiso	

Pangkalahatang Impormasyon

Ipinaalam na Pahintulot ng Magulang

Ang ipinaalam na pahintulot ng magulang ay nangangahulugan na ikaw at/o ang pangalawang magulang na itinalaga ng distrito ay nagbibigay ng pahintulot, sa pamamagitan ng pagsulat, para gumawa ng aksyon ang distrito ng paaralan. Ang iyong pahintulot ay nangangahulugan din na binigyan ka ng distrito ng impormasyon tungkol sa iminungkahing aksyon. Dapat kunin ng distrito ng paaralan ng iyong anak ang pahintulot na ito mula sa iyo, sa pamamagitan ng pagsulat, upang gawin ang ilang mga bagay na may kaugnayan sa espesyal na edukasyon ng iyong anak.

Dapat kunin ng distrito ng paaralan ang iyong nakasulat na pahintulot:

- Bago suriin ng distrito ang iyong anak sa unang pagkakataon upang alamin kung kailangan ng iyong anak ang espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo;
- Bago magsimula ang distrito na bigyan ang iyong anak ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon na nakalista sa kaniyang unang programa sa isinariling edukasyon, na tinatawag rin na IEP (Individualized Education Program);
- Bago muling suriin ng distrito ang iyong anak upang alamin kung nagbago ang mga pangangailangan ng iyong anak;
- Bago magsagawa ang distrito ng karagdagang mga pagtatasa sa iyong anak. Ang isang halimbawa ay ang Pagtatasa sa Pagganap ng Pag-uugali;
- Bago baguhin ng distrito ang pang-edukasyon na pagtatalaga ng iyong anak. Hindi ito nangangahulugan ng pagbabago sa lokasyon. Sa halip, nangangahulugan ito ng pagbabago sa programa sa edukasyon ng iyong anak; at
- Bago magbigay ang distrito ng impormasyon tungkol sa iyong anak sa ibang tao maliban sa mga nakalista sa pang-estado o pederal na batas.

Ano ang Isang Pangalawang Magulang?

Ang pangalawang magulang ay isang indibiduwal na maaaring kumatawan sa isang batang may kapansanan sa lahat ng bagay na may kaugnayan sa pagkakwalipikado para sa at sa pagtanggap ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon.

Itatalaga ng distrito ng paaralan kung saan ka nakatira ang pangalawang magulang kapag alinman sa sumusunod ang mangyayari:

- Ang magulang ay hindi matukoy;
- Pagkatapos ng makatuwirang mga pagsisikap ay hindi mahanap ng distrito ng paaralan ang magulang;
- Ang bata ay isang kabataang walang kasama at walang tirahan; o
- Ang bata ay pananagutan ng estado.

Ang Ipinaalam na Pahintulot ng Magulang ay Hindi Kinakailangan Kapag Alinman sa Sumusunod ang Mangyari:

- Nirerepaso ng distrito ang kasalukuyang impormasyon ng estudyante bilang bahagi ng proseso ng pagsusuri/muling pagsusuri; o
- Nagsasagawa ang distrito ng mga pagtatasa sa iyong anak na isinasagawa sa lahat ng mga estudyante.



Upang Magbigay ng Iyong Ipinaalam na Pahintulot ng Magulang, ang Distrito ay:

- Dapat tiyakin na ginamit nito ang iyong katutubong wika, o ibang anyo ng komunikasyon na nauunawaan mo, upang ibigay sa iyo ang lahat ng impormasyon na iyong kailangan upang magpasya;
- Dapat tiyakin na nauunawaan mo at sumasang-ayon ka sa pamamagitan ng pagsulat para isagawa ng distrito ang gawain at nilalarawan sa iyong pahintulot ang gawain, pati na rin ang anumang mga talaan ng iyong anak na ibabahagi sa iba at kung kanino;
- Dapat tiyakin na nauunawaan mo na ikaw ay nagbibigay ng iyong pahintulot sa iyong sariling pasya at maaari kang magbago ng isip anumang oras;
- Dapat tiyakin na nauunawaan mo na kung babawiin mo ang iyong pahintulot, hindi dapat ipawalang-bisa ng distrito ang anumang aksyon na nangyari sa pagitan ng panahon na nagbigay ka ng pahintulot at sa panahon na binawi mo ito.

Pagbawi ng Pahintulot

Ang pagbawi ng pahintulot ay nangangahulugan na inaalís mo ang iyong pahintulot. Maaari mong bawiin ang iyong pahintulot anumang oras kung magpasya ka na hindi mo na nais tumanggap ang iyong anak ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon ayon sa inaalkok sa IEP ng iyong anak. Dapat mong gawin ito **sa pamamagitan ng pagsulat**.

Pagkatapos, ang iyong distrito ng paaralan ay:

- Dapat huminto sa pagbibigay sa iyong anak ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon sa IEP, ngunit bago nito ihinto ang pagbibigay ng mga serbisyo, dapat magbigay ang distrito sa iyo ng abiso sa pamamagitan ng pagsulat na ihihinto nito ang mga serbisyo. Ang abiso na ibibigay ng distrito sa iyo ay tinatawag na paunang nakasulat na abiso. Ang paunang nakasulat na abiso ay dapat tumutugon sa mga kinakailangang itinakda sa bahagi na Paunang Nakasulat na Abiso sa pahina 9 ng gabay na ito.

Kapag binigyan ka ng distrito ng paunang nakasulat na abisong ito na nagsasaad na hindi na ito magbibigay ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon sa iyong anak at kapag huminto ang mga serbisyo, hindi na ituturing ng distrito ang iyong anak na kwalipikado para sa espesyal na edukasyon at sa halip ay ituturing ang iyong anak na estudyante ng pangkahalatang edukasyon.



Kwalipikado ba ang Iyong Anak para sa Espesyal na Edukasyon?

Upang maging kwalipikado ay nangangahulugan lamang na ang iyong anak ay napag-alaman na nangangailangan ng ilang mga serbisyong pang-edukasyon dahil sa isa o higit pang mga kapansanan. Ang Batas sa Edukasyon ng mga Indibiduwal na May mga Kapansanan (IDEA, Individuals with Disabilities Education Act) ay nag-aatas na ang mga estudyanteng may mga kapansanan ay tumanggap ng espesyal na edukasyon at/o kaugnay na mga serbisyo nito. Upang maturing na estudyanteng may kapansanan sa ilalim ng batas na ito, ang iyong anak ay dapat nangangailangan ng espesyal na edukasyon at/o kaugnay na mga serbisyo dahil sa kaniyang kapansanan sa isa o higit pa sa sumusunod na mga kategorya ng kapansanan:

- Intelektuwal na kapansanan;
- Kapansanan sa pandinig;
- Kapansanan sa pananalita o wika;
- Kapansanan sa paningin;
- Kaguluhan sa damdamin;
- Ortopedik na kapansanan;
- Autism;
- Traumatikong pinsala sa utak;
- Ibang pagpapahina sa kalusugan;
- Partikular na kapansanan sa pag-aaral;
- Pagkabingi;
- Pagkabingi-pagkabulag;
- Maraming kapansanan; o
- Pagkaantala sa pagsulong.

Katutubong Wika o Ibang Paraan ng Komunikasyon

Lahat ng mga pagpupulong na iyong dadaluhan, ang pagsusuri ng iyong anak at lahat ng mga abiso na iyong matatanggap ay dapat nakasulat o sinasabi sa iyong katutubong wika o ibang paraan ng komunikasyon na iyong ginagamit.

Lahat ng mga pagsusuri at ibang mga materyales na ginagamit upang suriin ang iyong anak ay dapat sa katutubong wika ng iyong anak – o sa iba pang paraan ng komunikasyon na magbibigay sa distrito ng wastong impormasyon sa kung ano ang alam at kayang gawin sa pang-akademiya, pagsulong at pagganap ng iyong anak, maliban kung malinaw na hindi kayang ibigay o isagawa.

Humiling na Suriin ng Distrito ang Iyong Anak

Kung sa palagay mo ang iyong anak ay maaaring may kapansanan na nakaaapekto sa kaniyang edukasyon, maaari mong hilingin sa distrito na suriin ang iyong anak upang matukoy kung siya ay kwalipikado para sa espesyal na edukasyon (itinuturing na isang batang may kapansanan sa ilalim na IDEA). Maaari ring itanong sa iyo ng distrito ng paaralan anumang oras kung nais mong ipasuri ang iyong anak kung sa palagay ng mga kawani ng distrito na maaaring kailangan ng iyong anak ang espesyal na edukasyon. Sa alinmang kaso, pagkatapos makuha ng distrito ng paaralan ang iyong pahintulot sa pamamagitan ng pagsulat, dapat nitong tapusin ang unang pagsusuri sa loob ng 60 araw ng kalendaryo.

Kung ang Bata ay Isang Pananagutan ng Estado

Kung ang bata ay **pananagutan ng estado** at hindi nakatira kasama ng kaniyang magulang, hindi kailangan ng distrito ng paaralan ang pahintulot mula sa magulang para sa unang pagsusuri upang tukuyin kung ang bata ay isang batang may kapansanan sa sumusunod na mga sitwasyon:

- Kung, sa kabila ng makatuwirang pagsisikap na gawin ito, hindi mahanap ng distrito ng paaralan ang magulang ng bata;
- Ang mga karapatan ng mga magulang ay winakasan na; o
- Ang mga karapatan ng mga magulang ay itinalaga ng isang hukom sa isang indibiduwal na pumapayag sa unang pagsusuri.

Independyenteng mga Pagsusuri na Pang-edukasyon (IEE, Independent Educational Evaluations)

Ang independyenteng pagsusuri na pang-edukasyon (IEE, Independent Educational Evaluations) ay tinatawag din na panlabas na pagsusuri. Babayaran lamang ng distrito ng paaralan ang panlabas na pagsusuri kung ito ay nakagawa na ng sarili nitong pagsusuri ng iyong anak at hindi ka sang-ayon sa kung ano ang natuklasan ng distrito. Ang layunin ay upang malaman kung ang iyong anak ay nangangailangan ng espesyal na edukasyon, o patuloy na nangangailangan ng espesyal na edukasyon. Ang taong nagsusuri ng iyong anak para sa panlabas na pagsusuri ay hindi maaaring nagtatrabaho para sa distrito ng paaralan ng iyong anak. Ikaw, bilang isang magulang ay may karapatan, sa anumang oras, na mag-ayos at magbayad para sa panlabas na pagsusuri ng iyong anak. Kapag hindi ka sang-ayon sa pagsusuri sa iyong anak ng iyong distrito at humiling ng panlabas na pagsusuri, dapat gawin ng iyong distrito ang isa sa mga aksyon na ito nang walang kinakailangang pagkaantala:

- Dapat sabihin sa iyo ng distrito ng paaralan ang tungkol sa kung saan ka makakuha ng panlabas na pagsusuri ng iyong anak nang mag-isa at ipaalam sa iyo ang mga pamantayang kinakailangan upang bayaran ito ng distrito. Kapag sumang-ayon ang distrito at kumuha ka ng panlabas na pagsusuri, dapat bayaran ng distrito ang gastos; o
- Dapat magsumite ang distrito ng kahilingan sa Tanggapan ng Pambihirang mga Bata ng Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio para sa angkop na proseso ng pagdinig (tingnan ang pahina 21) dahil hindi ito sang-ayon sa iyong kahilingan para sa panlabas na pagsusuri. Ito ay dahil sa palagay ng distrito na ang sarili nitong pagsusuri ng iyong anak ay angkop.


Mga Pamantayan para sa Panlabas na mga Pagsusuri

Ang parehong mga pamantayan na naaangkop sa mga pagsusuri na isinasagawa ng distrito ay naaangkop din sa panlabas na mga pagsusuri na inaayos ng mga magulang at binabayaran ng distrito. Kabilang sa mga pamantayang ang kung saan pupunta ang iyong anak para sa pagsusuri at ang karanasan ng taong susuri sa iyong anak. Dapat bayaran ng distrito ang buong gastos ng isang panlabas na pagsusuri na tumutugon sa mga pamantayan ng distrito.

Kung hihiling ka ng panlabas na pagsusuri para sa iyong anak, maaaring itatanong sa iyo ng distrito kung **bakit** ka hindi sang-ayon sa pagsusuri ng distrito sa iyong anak (iyon ay, ang mga dahilan kung bakit nais mo ng panlabas na pagsusuri), ngunit hindi mo kailangang ipaliwanag ito maliban kung nais mong gawin ito. May karapatan ka lamang sa isang panlabas na pagsusuri na babayaran ng distrito, sa bawat pagkakataon na susuriin ng distrito ang iyong anak at hindi ka sasang-ayon sa mga resulta ng pagsusuri ng distrito.

Kapag nagkaroon na ng panlabas na pagsusuri ang iyong anak na tumutugon sa mga pamantayan ng distrito, hindi alintana kung sino ang magbabayad para rito, dapat isaalang-alang ng distrito ang mga resulta ng pagsusuri at tukuyin kung paano nito bibigyan ang iyong anak ng libreng angkop na pampublikong edukasyon (FAPE, free appropriate public education).

Ang Sumusunod na Tsart ay Nagpapakita ng Iba-ibang mga Sitwasyon na Mangyayari Kapag Humiling Ka ng Panlabas na Pagsusuri



Panglahatang-ideya

Dapat bigyan ka ng distrito ng paaralan ng nakasulat na abiso (tinatawag na paunang nakasulat na abiso) sa loob ng makatuwirang haba ng panahon bago ito magmungkahi o tumanggi na gumawa ng ilang mga aksyon. Kabilang sa mga aksyong ito ang pagsisimula o pagbabago ng pagkilala, pagsusuri o pang-edukasyon na pagtatalaga ng iyong anak o pagbibigay ng libreng angkop na pampublikong edukasyon ng distrito sa iyong anak. Ang paunang nakasulat na abiso ay isang kinakailangang pormularyo sa espesyal na edukasyon.

Mga Nilalaman sa Paunang Nakasulat na Abiso

Dapat magbigay ang paunang nakasulat na abiso ng sapat na detalye upang pahintulutan ka na lumahok sa pagpasya sa mga serbisyong pang-edukasyon ng iyong anak sa ipinaalam na paraan. Partikular, ang paunang nakasulat na abiso ay dapat kasama ang ilang mga nilalaman, ayon sa nakabalangkas sa kasamang kahon sa pahinang ito.

Paunang Nakasulat na Abiso sa Nauunawaang Wika

Ang paunang nakasulat na abiso ay dapat ibigay sa wika na mauunawaan ng pangkalahatang publiko at dapat din itong nakasulat sa iyong katutubong wika o ibang paraan ng komunikasyon maliban kung malinaw na hindi praktikal na gawin ito.

Kung ang katutubong wika ng magulang o ibang paraan ng komunikasyon ay **hindi** isang nakasulat na wika, kailangang gumawa ng mga hakbang ang distrito na berbal na isalin ang paunang nakasulat na abiso, o sa pamamagitan ng iba pang nauunawaang paraan, sa katutubong wika ng magulang o ibang paraan ng komunikasyon. Kakailanganin ng distrito na tiyakin na maipakita nito, sa pamamagitan ng pagsulat, na ang paunang nakasulat na abiso ay angkop na naisalin at naunawaan ng magulang ang mga nilalaman nito.

Dapat Kasama sa Paunang Nakasulat na Abiso ang:

- Paglalarawan ng aksyong iminungkahi o tinanggihan ng distrito;
- Pagpapaliwanag kung bakit iminumungkahi o tinanggihan ng distrito na magsagawa ng aksyon;
- Paglalarawan ng bawat pamamaraan ng pagsusuri, pagtatasa, talaan o ulat na ginamit ng paaralan upang magpasya;
- Pahayag na ang mga magulang ay may proteksyon sa ilalim ng mga pananggalang sa pamamaraan ng IDEA, at kung ang abiso ay hindi ang unang pagsangguni para sa pagsusuri, ang paraan kung paano makakuha ang magulang ng mga pananggalang sa pamamaraan;
- Mga mapagkukunan para sa mga magulang upang makipag-ugnayan para sa tulong sa pag-unawa ng mga kinakailangan ng IDEA;
- Paglalarawan ng iba pang mga opsyon na isinaalang-alang ng pangkat ng IEP at ang mga dahilan kung bakit tinanggihan ang mga opsyong ito;
- Paglalarawan ng iba pang mga salik na may kaugnayan sa mungkahi o pagtanggi ng distrito.



Mga Talaan sa Edukasyon

Pag-access ng mga Talaan

Ang Batas sa Mga Karapatan sa Edukasyon ng Pamilya at Pagkapribado (FERPA, Family Educational Rights and Privacy Act) ay isang pederal na batas na nagbibigay sa mga magulang ng ilang mga karapatan upang suriin at repasuhin ang mga talaan sa edukasyon ng kanilang mga anak. Ang mga karapatan sa ilalim ng FERPA ay malilipat mula sa mga magulang patungo sa estudyante kapag naging 18 taong gulang ang estudyante o magsisimulang dumalo ng paaralan pagkatapos ng mataas na paaralan (hal., isang kolehiyo o unibersidad), alinman ang mauna.

Ano ang mga Talaan sa Edukasyon?

Kung ang ilang impormasyon tungkol sa isang estudyante ay protektado ng FERPA ay nakasalalay sa kung ang bagay ay tumutugon sa pakahulugan ng talaan sa edukasyon. Tinukoy ng FERPA ang mga talaan sa edukasyon bilang:

1. Ang mga talaan na direktang may kaugnayan sa isang partikular na estudyante. Minsan tinatawag ito ng mga paaralan bilang personal na nakikilalang impormasyon; at
2. Ang mga talaan na itinatagi ng isang ahensiya ng edukasyon o institusyon (halimbawa, iyong distrito ng paaralan) o ng isang partidong kumakatawan ng ahensiyang iyon.

Pagpapanatili at Pagkapribado ng mga Talaan

Ang mga talaan sa edukasyon ay maaaring papanatilihin sa maraming paraan. Ang ilang mga halimbawa ay:

- Sulat-kamay;
- Nakalimbag;
- Kompyuter;
- Video o audio tape; o
- Film, microfilm o microfiche.

Ang mga talaan ng estudyante ay kumpidensyal, ibig sabihin ang mga ito ay **pribado**. Dapat protektahan ng distrito ng paaralan o ahensiya ang pagkapribado ng mga talaan ng iyong anak kapag ito ay nangongolekta, nagtatabi, naglalabas o sinisira ang mga ito.

Pagrepaso ng mga Talaan ng Iyong Anak

Dapat pahintulutan ka ng distrito ng paaralan na repasuhin ang mga talaan sa edukasyon ng iyong anak nang walang hindi kinakailangang pagkaantala at bago ang anumang pagpupulong ng pangkat sa IEP o anumang angkop na paraan na pagdinig kung saan kasama ka. Hindi maaaring maghintay ang distrito ng higit sa 45 araw mula sa petsa ng iyong kahilingan upang pahintulutan kang tingnan ang mga talaan.

Mayroon kang karapatan na repasuhin ang impormasyon sa talaan na tungkol sa **iyong** anak lamang. Mayroon kang karapatan na humiling sa paaralan ng pagpapaliwanag ng talaan ng iyong anak. Mayroon kang karapatan na magkaroon ng isang tao, na kumakatawan sa iyo, na suriin ang mga talaan (tulad ng isang kaibigan o abogado).

Maaari kang bigyan ng distrito ng mga kopya ng mga talaan ng iyong anak; gayunpaman, **dapat** bigyan ka ng distrito ng mga kopya kung ang kabiguang gawin ito ay pipigil sa iyo mula sa paggamit ng iyong karapatan na suriin ang mga talaan. Lagi kang mayroong karapatan na makatanggap ng mga kopya ng mga talaan sa iyong gastos.

Kabilang sa Personal na Nakikilalang Impormasyon:

- Pangalan ng iyong anak;
- Pangalan ng miyembro ng pamilya;
- Address ng iyong anak o address ng pamilya;
- Personal na pagkakakilanlan, tulad ng numero ng segurong panlipunan, numero ng estudyante o talaang biometric ng iyong anak;
- Ibang hindi direktang mga paraang ng pagkilala ng iyong anak, tulad ng petsa ng kapanganakan, lugar ng kapanganakan, pangalan sa pagkadalaga ng ina, lahi o etnisidad;
- Ibang impormasyon na, mag-isa o sa kombinasyon, ay nakaugnay o maiuugnay sa isang partikular na estudyante na magpapahintulot sa isang makatuwirang tao sa komunidad ng paaralan, na walang personal na kaalaman ng may kaugnayan na mga pangyayari, upang makilala ang estudyante nang may makatuwirang katiyakan;
- Impormasyong hiniling ng isang tao na sa paniniwala ng paaralan na may kaalaman ng pagkakakilanlan ng iyong anak; o
- Ibang mga halimbawa ayon sa itinukoy ng FERPA.



Mga Pagbabago sa mga Talaan sa Edukasyon

Mayroon kang karapatan na humiling sa distrito sa paaralan na baguhin ang mali o nakaliliinlang na impormasyon sa mga talaan sa edukasyon ng iyong anak. Hindi kailangang baguhin ng paaralan ng iyong anak ang mga talaan sa edukasyon alinsunod sa iyong kahilingan (dahil lamang humiling ka), ngunit dapat **isaalang-alang** ng paaralan ang iyong kahilingan. Kung magpasiya ang paaralan na hindi baguhin ang mga talaan ng iyong anak ayon sa iyong kahilingan, dapat sabihin sa iyo ng paaralan na mayroon kang karapatan sa pagdinig upang pag-usapan ang bagay na ito.

Pagkatapos ng pagdinig, kung hindi pa rin babaguhin ng paaralan ang talaan sa edukasyon, mayroon kang karapatan na isama ang iyong pahayag tungkol sa bagay na ito sa talaan ng iyong anak. Ang pahayag na ito ay dapat manatiling bahagi ng talaan ng iyong anak. Ang opsyon na isulat ang pahayag upang isama sa talaan ng iyong anak ay mangyayari **lamang kung ang mga talaan ay naglalaman ng maling impormasyon**. Hindi mo maaaring gamitin ang naturang pahayag upang hamunin ang marka na nakuha ng iyong anak, ang opinyon ng isang indibiduwal o ang makabuluhang pasya na ginawa ng paaralan tungkol sa iyong anak.

Pagbabahagi ng mga Talaan sa Edukasyon

Karaniwan, ang distrito ng paaralan ay dapat kunin ang iyong pahintulot sa pamamagitan ng pagsulat kung nais nitong ibahagi ang mga talaan ng edukasyon na kikilala sa iyong anak sa ibang tao maliban sa iyo. Gayunpaman, mayroong ilang mga pagkakataon kung kailan ang iyong pahintulot ay hindi kinakailangan. Upang malaman ang higit pa tungkol sa kung kailan **hindi** kailangan ng distrito ang nakasulat na pahintulot upang magbahagi ng mga talaan, tingnan ang [pangkalahatang patnubay ng FERPA para sa mga magulang](http://www.ed.gov) sa website ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos sa www.ed.gov.



Resolusyon ng Hindi Pagkakaunawaan

Proseso ng Resolusyon ng Hindi Pagkakaunawaan

Kung nag-aalala ka tungkol sa edukasyon ng iyong anak na may kapansanan, ang unang hakbang ay makipagtulungan sa iyong distrito ng paaralan. Upang magsimula, makipag-ugnayan sa guro ng iyong estudyante o sa patnugot sa espesyal na edukasyon sa iyong distrito. Sabihin sa tao kung ano ang iyong iniisip. Kung ikaw at ang distrito ay hindi sumasang-ayon tungkol sa iyong alalahanin, mayroong mga paraan na maaari kang makipagtulungan upang malutas ang problema.

Ang mga prosesong ito ay may pormal na mga tawag na maaaring gamitin ng iyong distrito ng paaralan, ngunit makatutulong sa iyo ang patnubay na ito na maunawaan kung ano ang ibig sabihin ng mga tawag na ito at kung paano ka at ang paaralan makatutulong sa iyong anak. Ang sumusunod na bahagi ay naglalarawan ng mga proseso o pamamaraan na ito na maaari mong gamitin upang makipagtulungan sa iyong distrito.

Administratibong Pagrepaso

Kung hindi ka sang-ayon sa pasya ng iyong distrito ng paaralan ukol sa edukasyon ng iyong anak na may kapansanan, maaari kang magsumite ng reklamo sa administrasyon ng distrito. Bilang tugon, ang tagapamahala ng iyong distrito (o ang itinalaga) ay magsasagawa ng administratibong pagrepaso. Maaaring kasama sa pagrepasong ito ang administratibong pagdinig.

Ang pagrepaso at ang administratibong pagdinig, kung gaganapin, ay dapat mangyayari sa oras at lugar na maaari para sa lahat ng kinakailangang mga kalahok. Ikaw at ang distrito ay parehong maaaring mag-anyaya ng iba upang dumalo sa pagrepaso o administratibong pagdinig. Halimbawa, maaari kang mag-anyaya ng ibang mga miyembro ng pamilya o kaibigan, isang taong may kaalaman tungkol sa espesyal na edukasyon, o isang abogado. Kung ang iyong anak ay pinag-aaral sa isang programang pinapatakbo ng isang lupon sa mga kapansanan sa pagsulong sa county o ibang ahensiya sa pampublikong edukasyon, dapat komunsulta ang distrito sa lupon o ahensiya para sa administratibong pagrepaso.

Sa pagrepaso ng sitwasyon, dapat gawin ang lahat ng pagsisikap upang malutas ang hindi pagkakaunawaan tungkol sa edukasyon ng iyong anak. Didinggin ng tagapamahala (o ang itinalaga) ang parehong panig ng hindi pagkakaunawaan at magpapasya. Kapag nagawa ang pasya, dapat abisuhan ka ng tagapamahala, sa pamamagitan ng pagsulat, sa pasya. Dapat mangyari ito sa loob ng 20 araw nang una kang inabisuhan ng distrito tungkol sa iyong alalahanin.

Karagdagang mga Prosesong Maaari Mong Subukan

Kung nakumpleto mo ang prosesong ito at ikaw at ang distrito ng paaralan ay hindi pa ring sumasang-ayon tungkol sa kung paano lutasin ang problema, mayroong iba pang mga proseso na maaari mong subukan. Bagaman hindi mo kinakailangang humiling ng administratibong pagrepaso bago gawin ang ibang mga proseso ng resolusyon ng hindi pagkakaunawaan, hinihikayat ito. Mayroong ibang mga opsyon na maaari mong gamitin upang lutasin ang problema. Ang Tanggapan ng Pambihirang mga Bata ng Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio ay maaaring sumali at tulungan ka sa iyong kahilingan para sa karagdagang mga paraan upang matulungang lutasin ang iyong mga alalahanin. Ang sumusunod na mga entidad ay maaari ring makatulong sa iyo:

- Iyong lokal na Pangkat ng Suporta sa Estado (Rehiyon # _____) sa (telepono # _____). Ang kasangguni ng magulang at pamilya sa Pangkat ng Suporta sa Estado ay makikipagtulungan sa iyo.
- Ang iyong lokal na mentor sa magulang, kung mayroon ang iyong distrito ng paaralan.
 - Ang mentor sa magulang ay nagbibigay ng impormasyon at suporta sa mga pamilya ng batang may kapansanan at sa mga distrito ng paaralan. Ang mentor sa magulang ay isang empleyado ng distrito at magulang din ng isang batang may kapansanan.
 - Para sa karagdagang impormasyon, makipagugnayan sa _____.
- Koalisyon para sa Edukasyon ng mga Batang May mga Kapansanan ng Ohio (OCECD, Ohio Coalition for the Education of Children with Disabilities)
 - Ang OCECD ay isang organisasyong hindi pangkalakal sa buong estado na naglilingkod sa mga pamilya ng mga sanggol, paslit, bata at kabaataang may mga kapansanan sa Ohio, at mga tagapagturo at ahensiya na nagbibigay ng mga serbisyo sa kanila. Tinutulongan ng mga programa ng OCECD ang mga magulang na malaman at maging epektibong mga kinatawan ng kanilang mga anak sa lahat ng mga sitwasyon sa edukasyon.
 - Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa OCECD sa (740) 382-5452 o bumisita sa website ng OCECD sa: www.ocecd.org.

Maagang Resolusyon ng Reklamo

Ang maagang resolusyon ng reklamo ay kapag tinangka mong ayusin ang iyong hindi pagkakaunawaan sa distrito ng paaralan sa hindi pormal na paraan at karaniwan bago mo simulang gamitin ang ibang mga opsyon sa resolusyon ng hindi pagkakaunawaan. Makikipagtulungan sa iyo ang isang tao mula sa Tanggapan para sa Pambihirang mga Bata ng Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio upang tugunan ang iyong mga tanong at alalahanin tungkol sa edukasyon ng iyong anak.

Hinihikayat ng Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio ang maagang resolusyon ng reklamo bago ka humiling ng mas pormal na mga proseso, tulad na nakasulat na mga reklamo o angkop na proseso na mga pandinig. Maaari kang makipag-ugnayan sa isang tao sa Tanggapan para sa Pambihirang mga Bata sa Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio upang matulungang tugunan ang iyong mga tanong at alalahanin tungkol sa edukasyon ng iyong anak. Upang kumausap ng isang tao tungkol sa maagang resolusyon ng reklamo, mangyaring makipag-ugnayan sa Kagawaran:

- Sa pamamagitan ng telepono: (614) 466-2650, o libreng tawag sa (877) 644-6338; o
- Sa pamamagitan ng email: exceptionalchildren@education.ohio.gov.

Pagpapadali

Kung nag-aalala ka tungkol sa pagsusuri o muling pagsusuri ng iyong anak para sa espesyal na edukasyon, o tungkol sa Isinariling Programa sa Edukasyon (IEP, Individualized Education Program) ng iyong anak, ang opsyon na tinatawag na pagpapadali ay maaaring para sa iyo.

Ang pagpapadali ay kapag hiniling mo sa Kagawaran na mag-ayos ng isang tagapagpadali upang dumalo sa pagpupulong sa pagsusuri o sa pangkat ng IEP ng iyong anak (ikaw ay miyembro rin ng pangkat na ito). Maaari ring humiling ang distrito ng paaralan sa Kagawaran ng tagapagpadali sa isa sa mga pagpupulong ukol sa espesyal na edukasyon ng iyong anak. Dapat ikaw at ang distrito ay parehong sumang-ayon na magkaroon ng tagapagpadali na dumalo sa pagpupulong.

Ang Layunin ng Pagpapadali

Ang pagpapadali ay nangyayari sa pagpupulong ng pangkat, tulad ng pagpupulong sa pangkat ng isinariling programa sa edukasyon, pagpupulong sa pagpapalano ng pagsusuri o pagpupulong ng pangkat sa pagsusuri. Ang tagapagpadali ay walang kinikilingang ikatlong partido na hindi miyembro ng pangkat at hindi nagpapasya para sa pangkat. Nakatutulong sa pangkat ang pagkakaroon ng tagapagpadali na maging produktibo at matatiling nakatuon sa estudyante. Ang mga tagapagpadali ay propesyonal na tagapamagitan na sinanay ng Tanggapan para sa Pambihirang mga Bata sa mga proseso sa espesyal na edukasyon.

Maaari kang humiling ng pagpapadali anumang oras. Kapag ginawa mo ito, ikaw at ang distrito ng paaralan ay dapat parehong sumang-ayon na lumahok. Kung pareho kayong sumang-ayon, bibigyan kayo ng Tanggapan para sa Pambihirang mga Bata ng mga pagpipilian ng tagapagpadali upang mamahala sa pagpupulong. Kung ikaw at ang distrito ay hindi sumasang-ayon sa isang tagapagpadali, magtatalaga ang tanggapan ng isa para sa iyo. Walang gastos sa iyo o sa distrito ang pagpapadali.

Ang Tagapagpadali ay:

- Nananatiling walang kinikilingang ikatlong-partido (hindi pumapanig o nagtatrabaho para sa iyo o sa distrito);
- Isang propesyonal na sinanay na **tagapamagitan** (isang kwalipikadong tao na tumutulong na lutasin ang mga hindi pagkakaunawaan);
- Sinanay sa at alam ang tungkol sa mga batas at kinakailangan sa espesyal na edukasyon;
- Hindi bahagi ng pangkat sa IEP o sa pagsusuri ng iyong anak;
- Hindi nagpapasya, ngunit ginagabayan ang pangkat upang mahanap ang mga solusyon;
- Tumutulong na magbukas ng pakikipag-usap sa pagitan mo at ng distrito;
- Pinapanatili ang pagpupulong sa tama at tumutulong na panatilihin magalang ang lahat sa proseso; at
- Pinapanatiling nakatuon ang pangkat sa iyong anak at sa mga pangangailangan ng iyong anak.



Pangunahing mga Punto na Tatandaan Tungkol sa Pagpapadali:

- **Ang Pagpapadali ay boluntaryo.**
 - Parehong ang magulang at ang distrito ng paaralan ay dapat sumang-ayon na maging bahagi ng proseso. Kung ang magulang at ang distrito ay sumang-ayon na magkaroon ng tagapagpadali sa pagpupulong, hindi ito nangangahulugan na kailangan mong sumang-ayon sa distrito sa pagpupulong o sumang-ayon sa kinalalabasan ng pagpupulong. Ang mga magulang ay laging pinahihintulutan na magkaroon ng sarili nilang mga opinyon.
- **Anumang kasunduang ginawa sa panahon ng pagpupulong sa pagpapadali ay karaniwang umiiral. Nangangahulugan ito na parehong ang magulang at ang distrito ng paaralan ay dapat sumunod sa kasunduan pagkatapos kapwang ginawa ang pasya.**
 - Anumang dokumento na pinirmahan ng magulang at distrito tungkol sa pagsusuri o IEP ng iyong anak ay may parehong timbang sa mga dokumentong pinirmahan nila sa anumang iba pang pagpupulong ng pangkat ng IEP o pagsusuri.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapadali, bumisita sa website ng Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio sa:

education.ohio.gov and search **facilitation**.

Upang Humiling ng Pagpapadali

Makipag-ugnayan sa iyong patnugot sa espesyal na edukasyon ng distrito ng paaralan upang tingnan kung ang distrito ay handang lumahok sa prosesong ito, _____ sa _____. Kapag ang parehong partido ay sumang-ayon na lumahok sa pagpapadali, mangyaring makipag-ugnayan sa Tanggapan para sa Pambihirang mga Bata ng Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio:

- Sa pamamagitan ng telepono: (614) 466-2650, o libreng tawag sa (877) 644-6338; o
- Sa pamamagitan ng email sa: exceptionalchildren@education.ohio.gov.

Pamamagitan


Ang pamamagitan ay kapag ang mga magulang at distrito ng paaralan ay sumang-ayon na magkaroon ng walang kinikilingang ikatlong partido na propesyonal na dumalo sa pagpupulong upang tulungan silang humantong sa kasunduan tungkol sa edukasyon ng estudyanteng may kapansanan o estudyante na **pinaghihinalaang** may kapansanan. Ibig sabihin ng ikatlong partido ay ang taong ito, na tinatawag din na tagapamagitan, ay hindi pumapanig at hindi nagtatrabaho para sa o kumikilos sa ngalan ng magulang o ng distrito. Ang pamamagitan ay isang pagpipilian para sa mga magulang at distrito anumang oras na mayroong hindi pagkakaunawaan ukol sa espesyal na edukasyon ng iyong anak.

Ang Pamamagitan ay Libre at Maaaring Hilingin Anumang Oras

Ang pamamagitan ay maaaring hilingin anumang oras. Kapag hiniling ang pamamagitan, ikaw at ang distrito ng paaralan ay dapat parehong sumang-ayon na lumahok sa proseso. Kung pareho kayong sumang-ayon na lumahok, bibigyan ka ng Tanggapan para sa Pambihirang mga Bata ng mga pagpipilian ng tagapamagitan upang mamahala sa pagpupulong sa pamamagitan. Kung ikaw at ang distrito ay hindi sumang-ayon sa isang tagapamagitan, magtatalaga ang OEC para sa inyo. Hindi maaaring sabihin ng tagapamagitan sa inyo kung paano ninyo lutasin ang isyu ukol sa espesyal na edukasyon ng iyong anak. Sa halip, tutulong ang tagapamagitan sa parehong panig na talakayin ang mga alalahanin ukol sa iyong anak at humanap ng solusyon.

Kung magpasya ka na gumawa ng pormal na reklamo o humiling ng angkop na proseso na pagdinig (tingnan ang mga pahina 17-25), hihilingin ng Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio na isaalang-alang mo ang pamamagitan bilang unang hakbang. Wala gastos sa iyo o sa distrito ang pamamagitan.





Ang Tagapamagitan ay:

- Nananatiling walang kinikilingang ikatlong-partido (hindi pumapanig o nagtatrabaho para sa iyo o sa distrito);
- hindi pinahihintulutan na magpasya. Sa halip, tumutulong ang tagapamagitan at ang distrito ng paaralan na lutasin ang isyu ukol sa edukasyon ng iyong anak;
- Nakikipagtulungan sa iyo at sa distrito ng paaralan upang magpasya sa isang nakasulat na kasunduan sa pamamagitan;
- Pinapanatili ang pagpupulong sa pamamagitan na nasa tama at tinutulungan ang lahat na igalang ang proseso;
- Pinapanatiling nakatuon ang lahat sa estudyante at sa mga pangangailangan ng estudyante;
- Tumutulong na magbukas ng pakikipag-usap sa pagitan mo at ng distrito ng paaralan.

Pangunahing mga Punto na Tatandaan Tungkol sa Pamamagitan

- **Ang pamamagitan ay boluntaryo.**
 - Parehong ang magulang at ang distrito ng paaralan ay dapat sumang-ayon na maging bahagi ng proseso. Kung ang magulang at ang distrito ay sumang-ayon na lumahok sa pamamagitan, hindi ito nangangahulugan na kailangan mong sumang-ayon sa distrito sa pagpupulong o sumang-ayon sa kalalabasan ng pagpupulong.
- **Ang pamamagitan ay kumpidensyal.**
 - Lahat ng sinabi sa pagpupulong sa pamamagitan ay karaniwang mananatiling kumpidensyal (pribado) at hindi maaaring gamitin sa kalaunan, maliban kung naaangkop ang eksepsyon.
- **Anumang nakasulat na kasunduang ginawa sa panahon ng pamamagitan ay karaniwang umiiral. Nangangahulugan ito na parehong ang magulang at ang distrito ng paaralan ay dapat sumunod sa nakasulat na kasunduan pagkatapos kapwang ginawa ang pasya.**
 - Anumang dokumento na pinirmahan ng magulang at distrito tungkol sa pagsusuri o IEP ng iyong anak ay may parehong timbang sa mga dokumentong pinirmahan nila sa anumang iba pang pagpupulong ng pangkat ng IEP o pagsusuri.

Upang Humiling ng Pamamagitan

Makipag-ugnayan sa iyong patnugot sa espesyal na edukasyon ng distrito ng paaralan upang tingnan kung ang distrito ay handang lumahok sa prosesong ito, _____ sa _____. Kapag ang parehong partido ay sumang-ayon na lumahok sa pamamagitan, mangyaring makipag-ugnayan sa Tanggapan para sa Pambihirang mga Bata ng Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio:

- Sa pamamagitan ng telepono: (614) 466-2650, o libreng tawag sa (877) 644-6338; o
- Sa pamamagitan ng email sa: exceptionalchildren@education.ohio.gov.



Pagsumite ng Reklamo sa Estado

Ang isa pang opsyon na magagamit mo, kung mayroon kang alalahanin tungkol sa espesyal na edukasyon ng iyong anak, ay ang magsampa sa pamamagitan ng pagsulat ng pormal na reklamo sa estado laban sa distrito ng paaralan o ibang pampublikong ahensiya at isumite ang reklamong ito sa Tanggapan para sa Pambihirang mga Bata ng Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio.

Walang Gastos sa Pagsampa ng Reklamo sa Estado

Walang gastos sa pagsampa ng reklamo sa estado. Ang proseso sa reklamo sa estado ay karaniwang lumulutas ng problema nang mas mabilis kaysa sa angkop na proseso na pagdinig at hindi gaanong mapanglaban (o komprontatibo) kaysa sa angkop na proseso na pagdinig. Upang magsampa ng reklamo sa estado, dapat kang magpadala ng iyong pirmadong nakasulat na reklamo (ang orihinal na bersyon) sa Tanggapan para sa Pambihirang mga Bata, at dapat kang magpadala ng **isang kopya** ng reklamo nang direkta sa distrito ng paaralan.

Ang iyong reklamo ay dapat kasama ang pahayag ng sinasabing paglabag ng pederal o pang-estadong mga kinakailangan sa espesyal na edukasyon (sinasabing paglabag ng Batas sa Edukasyon ng mga Indibiduwal na May mga Kapansanan o ang Mga Pamantayan sa Pagpapatakbo sa Ohio para sa Edukasyon ng mga Batang May mga Kapansanan). Hindi kailangang kasama sa reklamo ang pangalan o pagsipi ng partikular na batas, ngunit kailangan nitong magpahayag ng partikular na aksyon o walang aksyon na ginawa ng distrito na pinaniniwalaan mong paglabag sa kinakailangan sa espesyal na edukasyon. Kailangan mo ring isama ang mga katotohanan sa reklamo upang suportahan kung bakit sa palagay mo lumabag ang iyong distrito sa kinakailangan sa espesyal na edukasyon.

Pagrepaso ng mga Reklamo sa Estado

Rerepasuhin ng Tanggapan para sa Pambihirang mga Bata at, kung kinakailangan, iimbestigahan ang maayos na isinampang reklamo at tutukuyin kung nilabag ng distrito ng paaralan ang kinakailangan sa espesyal na edukasyon kaugnay sa edukasyon ng iyong anak. At, ang ikatlong-partido – iyon ay, isang tao maliban sa iyo, o isang ahensiya o organisasyon maliban sa distrito ng paaralan – ay maaari ring magsampa ng reklamo sa estado sa Kagawaran kung naniniwala ito na nilabag ng distrito ang kinakailangan sa espesyal na edukasyon ukol sa isang estudyante.

Ang reklamo sa estado ay maaaring isampa sa Kagawaran anumang oras sa loob ng **isang taon** ng sinasabing paglabag sa espesyal na edukasyon. Anumang reklamo na nagsasabi ng mga paglabag na nangyari nang higit sa isang taon mula sa petsa nang isinampa ang reklamo ay hindi iimbestigahan/lulutasin.

Paano Gumawa ng Pormal na Reklamo sa Estado

Kung nais mong gumawa ng pormal na reklamo sa estado ukol sa espesyal na edukasyon, dapat mong:

- Kumpletuhin ang [pormularyo sa reklamo sa estado](#) at ipadala ito sa Tanggapan para sa Pambihirang mga Bata ng Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio; o
- Sumulat ng sulat ng reklamo; o
- Tumawag sa Tanggapan para sa Pambihirang mga Bata ng Kagawaran sa 1-877-644-6338 at humiling ng pormularyo sa reklamo, na iyong kukumpletuhin at ibabalik sa Kagawaran.



Saan Ipadala ang Iyong Reklamo

Ang iyong reklamo ay dapat ipadala sa **parehong** Tanggapan para sa Pambihirang mga Bata ng Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio at sa tagapamahala ng distrito ng paaralan nang sabay.

Ipadala ang orihinal na reklamo sa:

The Ohio Department of Education

Office for Exceptional Children

Attn: Assistant Director of Dispute Resolution Section 25

South Front Street

Mail Stop 409

Columbus, Ohio 43215-4183

Pagpapaliban

Ang pagpapaliban ay nangangahulugan na ang mga isyu sa reklamo sa estado ay pinapatigil. Kung ikaw at ang distrito ng paaralan ay kasama sa angkop na proseso na pagdinig, at alinman sa iyo o distrito ay nagsampa rin ng reklamo sa estado sa parehong mga isyu, ipapatigil ng Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio ang reklamo sa estado. Sa ibang salita, maghihintay ang Kagawaran hanggang ang angkop na proseso ay matapos bago lutasin ang iyong reklamo sa estado. Kung babawiin mo ang iyong kahilingan sa angkop na proseso na pagdinig, ilalabas ng Kagawaran ang reklamo sa estado mula sa pagpapaliban at ipagpatuloy ang resolusyon ng iyong reklamo.

Kung ang angkop na proseso na pagdinig ay nangyari at nagpasya ang walang kinikilingang opisyal ng pagdinig (IHO, impartial hearing officer), ilalabas ng Kagawaran ang reklamo sa estado mula sa pagpapaliban upang lutasin ito kung ang mga isyu ay nananatili pa rin sa iyong reklamo na hindi napagpasyahan ng opisyal ng pagdinig lamang.



Checklist ng mga Bagay na Dapat Mong Isama sa Isang Reklamo sa Estado

- Ang pahayag na ang distrito ng paaralan ay lumabag sa pederal o pang-estadong kinakailangan sa espesyal na edukasyon.
- Isang paglalarawan ng problema, kasama ang mga katotohanan kung saan mo binabatay ang iyong reklamo.
- Iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan at orihinal na pirma.
- Kung ikaw ay nagsasabi ng paglabag sa espesyal na edukasyon tungkol sa isang partikular na estudyante:
 - Ang pangalan at address ng tirahan ng estudyante;
 - Ang pangalan ng paaralan kung saan dumadalo ang estudyante;
 - Sa kaso ng isang bata o kabataang walang tahanan (ayon sa tinukoy ng Batas sa Tulong sa Walang Tahanan ni McKinney-Vento), ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa estudyante at ang pangalan ng paaralan kung saan dumadalo ang estudyante;
 - Isang paglalarawan ng uri ng problema, kabilang ang mga katotohanan kaugnay sa problema; at
 - Isang iminungkahing resolusyon ng problema sa hangganang alam ng at mayroon ang partido sa panahon na ang reklamo ay isinampa.
- Ang reklamo ay dapat may orihinal mong pirma, kaya hindi mo maaaring i-fax o i-email ang reklamo.
- Hindi tatanggapin ang mga reklamang anonimo.

Proseso ng Pagreklamo sa Estado

Kapag natanggap ng Kagawaran ang iyong reklamo sa estado, hangga't ito ay maayos na isinampa, sisimulan nitong repasuhin ito at, kung kinakailangan, iimbestigahan ang sinasabing (mga) paglabag ng mga kinakailangan sa espesyal na edukasyon. Dapat lutasin ng Tanggapan para sa Pambihirang mga Bata ang reklamo sa loob ng 60 araw ng kalendaryo mula sa petsa na natanggap nito ang iyong reklamo.

Bilang bahagi ng proseso ng reklamo, ang Tanggapan para sa Pambihirang mga Bata ay:

- Rerepasuhin ang iyong reklamo at magpapasya kung ito ay may awtoridad na lutasin ang mga alegasyon sa iyong reklamo;
- Parehong sasabihin sa iyo at sa distrito ng paaralan sa pamamagitan ng pagsulat ng mga alegasyon na lulutasin nito, kabilang ang imbestigasyon (kung kinakailangan);
- Parehong mag-aalok ng pamamagitan o pagpapadali sa iyo at sa distrito bilang alternatibong paraan ng paglutas ng reklamo;
- Hihingi ng karagdagang impormasyon na maaaring kailangan nito mula sa iyo at sa distrito tungkol sa mga alegasyon sa iyong reklamo;
- Rerepasuhin ang karagdagang mga dokumento at impormasyon na binigay mo at ng distrito, magsasagawa ng mga panayam sa telepono at bibisita sa distrito ng iyong anak, kung natukoy nito na kailangan;
- Mag-aalok sa iyong distrito ng pagkakataon na tumugon sa iyong reklamo at mag-aalok ng resolusyon; at
- Susulat ng sulat upang parehong ipaalam sa iyo at sa distrito ang pasya nito tungkol sa kung ang paglabag sa espesyal na edukasyon ay nangyari (matapos ang pagtatapos ng pagrepaso at imbestigasyon, kung kinakailangan, at hindi hihigit sa 60 araw ng kalendaryo mula sa petsa na natanggap nito ang iyong reklamo).

Pagpapahaba ng Tinakdang Panahon

Ang Kagawaran ay maaaring magkaroon ng higit sa 60 araw upang lutasin ang reklamo at maibigay ang sulat kasama ang pasya nito, kung mayroong pagpapahaba ng panahon. Ang pagpapahaba ng 60 araw na tinakdang panahon upang malutas ang reklamo sa estado ay maaaring gawin kapag:

- Sumang-ayon ka at ang distrito ng paaralan para sa karagdagang panahon upang pareho ninyong subukang lutasin ang problema sa pamamagitan ng pamamagitan, pagpapadali o iba pang paraan ng alternatibong resolusyon ng hindi pagkakaunawaan; o kapag
- Mayroong mga pambihirang pangyayari (tinutukoy sa bawat kaso ng Tanggapan para sa Pambihirang mga Bata).

Hindi Maayos na Pagsampa

Kung natukoy ng Tanggapan para sa Pambihirang mga Bata na hindi mo maayos na isinampa ang reklamo sa estado dahil hindi mo isinama ang lahat ng kinakailangang impormasyon tungkol sa isyu na nais mong lutasin, o kung ang Tanggapan para sa Pambihirang mga Bata ay walang awtoridad na imbestigahan ang reklamo, magpapadala sa iyo ang Tanggapan para sa Pambihirang mga Bata ng isang sulat na magpapaliwanag: kung bakit hindi ito magpapatuloy sa paglutas ng iyong reklamo, ang dahilan para sa pagpapasyang ito at, kung naaangkop, impormasyon na kailangan mong isama sa isang bagong reklamo para ito ay maituring na maayos na isinampa.

Muling Pagsumite ng Reklamo

Kung kailangan mong muling magsumite ng reklamo gamit ang bagong impormasyon, siguraduhing ipadala ang reklamo sa Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio at sa distrito ng paaralan sa loob ng isang taon mula nang maganap ang sinasabing paglabag sa espesyal na edukasyon. Kung isinama mo ang mga isyu sa iyong reklamo na walang awtoridad ang Kagawaran upang malutas, isasangguni ka nito sa mga mapagkukunan upang matugunan ang mga isyung ito, kung naaangkop.

**Pagsampa
ng
Reklamo**

- Ang reklamo ay isinampa sa loob ng isang taon ng sinasabing paglabag.
- Magbibigay ang magulang ng orihinal sa Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio at isang kopya sa distrito.
- Isasaad ng reklamo ang mga paglabag sa mga kinakailangan sa espesyal na edukasyon kasama ng mga sumusuportang katotohanan.

**Rerepasuhin
ng Kagawaran
ng Edukasyon
ng Ohio ang
Reklamo**

- Magpapadala ng sulat sa pagtanggap ang Kagawaran sa indibiduwal na nagsampa ng reklamo at sa distrito ng paaralan.
- Magpapadala ang Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio ng sulat na kakulangan kung ang reklamo ay hindi naisampa nang maayos, o kung ang Kagawaran ay walang awtoridad upang lutasin ito.

Resolusyon

- Rerepasuhin ng Kagawaran ang lahat ng mga dokumento at hihiling ng karagdagang dokumentasyon/impormasyon kung kinakailangan.
- Kakapanayamin ng Kagawaran ang mga naaangkop na indibiduwal, kung kinakailangan.

**Magpapadala
ang
Kagawaran ng
Sulat ng mga
Natuklasan**

- Magpapasya ang Kagawaran tungkol sa bawat alegasyon at kung mayroong paglabag sa espesyal na edukasyon.
- Maglalabas ang Kagawaran ng mga kilos ng pagwawasto kung natuklasang lumabag ang distrito.



Pagsampa ng Angkop na Proseso na Reklamo

Ang isang paraan kung saan maaaring malutas ng mga magulang ang mga alalahanin tungkol sa espesyal na edukasyon ng kanilang anak sa kanilang distrito ng paaralan ay ang pagsumite ng kahilingan para sa angkop na paraan na pagdinig, habang nagbibigay ng isang kopya sa Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio. Kapag ginawa mo ito, nagsampa ka ng angkop na proseso na reklamo (na tinatawag din na kahilingan sa angkop na proseso). Mayroong iba na maaaring magsampa ng angkop na proseso na reklamo:

- Estudyante, kung hindi bababa sa 18 taong gulang;
- Distrito ng paaralan; o
- Ibang pampublikong ahensiya sa edukasyon.

Mga Dahilan ng Pagsampa

Ang angkop na proseso na reklamo ay maaaring isampa para sa mga alalahaning ukol sa mga sumusunod na larangan ng espesyal na edukasyon ng iyong anak:

- Pagkilala ng batang may kapansanan;
- Pagsusuri ng batang may kapansanan;
- Pang-edukasyon na pagtatalaga ng batang may kapansanan; o
- Ang paghahatid ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon (FAPE, free appropriate public education) sa iyong anak.



Ang angkop na proseso na reklamo ay dapat magsabi na nilabag ang pederal o pang-estadong mga kinakailangan sa espesyal na edukasyon at dapat isampa sa loob ng ***dalawang taon*** ng petsa kung kailan nalaman ng magulang (o pampublikong ahensiya na nagsasampa ng reklamo) o dapat nalaman ang tungkol sa sinasabing paglabag sa espesyal na edukasyon na pinag-uusapan. Tuwing nakatatanggap ang Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio ng reklamo sa angkop na proseso na pagdinig, ang mga magulang at distrito ng paaralan na kasangkot ay dapat magkaroon ng pagkakataong lumahok sa isang angkop na proseso na pagdinig. Ang angkop na proseso na pagdinig ay isang pormal na paglilitis kung saan ang isang walang kinikilingang opisyal ng pagdinig ay itinalaga ng Kagawaran upang magsagawa ng isang pagdinig upang malutas ang angkop na proseso na reklamo.

Impormasyong Isasama

Ang Kagawaran ay nagbibigay ng isang pormularyo na maaaring gamitin upang humiling ng isang angkop na proseso na pagdinig. Hindi kailangang gamitin ng tao o pampublikong ahensiya sa edukasyon na nagsusumite ng kahilingan ang [pormularyo ng Kagawaran](#), ngunit ang naturang tao o organisasyon ay dapat isama pa rin ang kinakailangang impormasyon na ito kapag nagsusumite ng angkop na proseso na reklamo:

1. Pangalan ng estudyante;
2. Ang address o impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng estudyante;
3. Pangalan ng distrito ng paaralan;
4. Kung ang iyong anak ay walang tirahan, ang magagamit na impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa iyong anak at ang pangalan ng paaralan kung saan dumadalo ang iyong anak;
5. Paglalarawan ng partikular na problema tungkol sa iyong anak, pati na rin ang mga katotohanan tungkol sa problema; at
6. Mga ideya o mungkahi upang malutas ang problema.

Ang angkop na proseso na reklamo ay dapat maglaman ng pareho at detalyadong impormasyon katulad ng reklamo sa estado (tingnan ang pahina 18), gayunpaman ang orihinal na pirma ay hindi kinakailangan. Maaari itong ipadala sa distrito ng paaralan at sa Kagawaran nang personal, sa pamamagitan ng koreo, fax o email. Ang mga isyu na hindi kasama sa iyong orihinal na angkop na proseso na reklamo ay hindi rerepasuhin ng opisyal ng pagdinig sa panahon ng angkop na proseso na pagdinig.

Pagbabago sa Angkop na Proseso na Reklamo

Ang pagbabago sa angkop na proseso na reklamo ay ang pagbabago ng reklamo pagkatapos nito maisumite sa Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio. Maaari mo lamang baguhin ang iyong angkop na proseso na reklamo kung:

- Sumasang-ayon ang kabilang partido sa binagong angkop na proseso na reklamo, sa pamamagitan ng pagsulat, at binigyan ng pagkakataon na lutasin ang reklamo sa pamamagitan ng pagpupulong sa resolusyon (ang pagpupulong sa resolusyon ay inilarawan sa pahina 23); o
- Ang walang kinikilingang opisyal ng pagdinig ay magbibigay ng pahintulot. Ang opisyal ng pagdinig ay maaaring magbigay ng naturang pahintulot hanggang limang araw bago magsimula ang angkop na proseso na pagdinig, ngunit hindi pagkatapos nito.

Mga Tinakdang Panahon at Proseso sa Angkop na Proseso

Kung nagsampa ka ng angkop na proseso na reklamo laban sa distrito ng paaralan ng iyong anak, sa loob ng 10 araw ng kalendaryo ng pagtanggap ng iyong angkop na proseso na reklamo, dapat bigyan ka ng distrito ng paunang nakasulat na abiso o tugon ukol sa sinasabing paglabag sa espesyal na edukasyon, maliban kung nagbigay na ang distrito ng naturang abiso (tingnan ang pahina 9). Ang paunang nakasulat na abiso na binibigay ng distrito sa iyo ay dapat kasama ang:

- Paglalarawan ng aksyon ukol sa iyong kahilingan o reklamo. Maaaring aksyon ito na gustong gawin ng distrito o aksyon na tumanggi itong gawin. Dapat ding ipaliwanag ng distrito sa tugon nito kung bakit nais gawin ng paaralan ang aksyon o tumangging gumawa ng aksyon;
- Paglalarawan ng lahat ng pamamaraan na ginamit nito upang suriin ang iyong anak, mga talaan tungkol sa iyong anak at mga ulat na ginamit ng distrito upang magpasya na gumawa ng aksyon o hindi gumawa ng aksyon;
- Paglalarawan ng ibang mga pagpipilian na isinaalang-alang ng pangkat ng IEP para sa iyong anak at ang (mga) dahilan kung bakit tinangihan nito ang mga pagpipiliang ito; at
- Paglalarawan ng ibang mga salik na may kaugnayan sa pasya ng distrito upang gumawa o hindi gumawa ng aksyon.

Dapat ka rin bigyan ng distrito ng impormasyon tungkol sa libre o abot-kayang legal na tulong at ibang kaugnay na mga serbisyo na maaari mong kunin.

Kung ang angkop na proseso na reklamo ang isinampa laban sa iyo bilang magulang, dapat kang tumugon sa reklamo sa loob ng 10 araw ng kalendaryo. Dapat mong partikular na tugunan ang mga isyung nakasaad sa angkop na proseso na reklamo.

Kasapatan

Ang angkop na proseso na reklamo ay ituturing na sapat (nangangahulugan na ito ay maayos na isinampa) **maliban kung** parehong mag-aabiso ang kabilang partido sa walang kinikilingang opisyal ng pagdinig at sa partidong nagsumite ng reklamo na nagsasabi na hindi nito natugunan ang mga kinakailangan sa pagsampa (iyon ay, na ito ay hindi sapat). Ang kabilang partido ay dapat hamunin ang kasapatan ng angkop na proseso na reklamo, sa pamamagitan ng pagsulat, sa loob ng 15 araw ng kalendaryo kung kailan ang angkop na proseso na reklamo ay natanggap.

Halimbawa, kung nagsumite ka ng angkop na proseso na reklamo sa iyong distrito (at nagbigay ng isang kopya sa Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio), ito ay ituturing na sapat maliban kung mag-aabiso ang distrito sa opisyal ng pagdinig, sa pamamagitan ng pagsulat at sa loob ng 15 araw, na sa palagay nito ay hindi maayos na isinampa ang iyong kahilingan. Ang opisyal ng pagdinig ay may limang araw ng kalendaryo mula sa kung kailan niya natanggap ang nakasulat na abiso ng iyong distrito upang magpasya kung ang iyong angkop na proseso na reklamo ay sapat (na natutugunan nito ang mga kinakailangan sa angkop na proseso na reklamo na tinukoy sa pahina 21). Ang opisyal ng pagdinig ay dapat din magpadala ng kaniyang pasya sa iyo at sa distrito, sa pamamagitan ng pagsulat, sa loob ng 15 araw.

Kung magpasya ang opisyal ng pagdinig na ang iyong angkop na proseso na reklamo ay hindi sapat, may opsyon ka na muling magsampa ng bagong angkop na proseso na reklamo o baguhin ang orihinal na angkop na proseso na reklamo, hangga't pumapayag ang distrito at may pagkakataon na lutasin ang sitwasyon sa pamamagitan ng pagpupulong sa resolusyon o nagbibigay ng pahintulot ang opisyal ng pagdinig nang hindi tatagal sa higit na limang araw bago magsimula ang pagdinig.

Kung babaguhin mo nang maayos ang iyong angkop na proseso na reklamo, magsisimula ang 30-araw na panahon ng resolusyon (tingnan ang pahina 23) kapag nagsampa ka ng binagong reklamo.

Panahon ng Resolusyon

Ang panahon ng resolusyon ay ang panahon sa pagitan ng pagsampa ng angkop na proseso na reklamo at ang aktuwal na proseso ng pagdinig. Kasama sa panahon ng resolusyon ang pagpupulong sa resolusyon na magbibigay ng isa pang pagkakataon upang malutas ang hindi pagkakaunawaan sa espesyal na edukasyon bago opisyal na magsimula ang pagdinig. Kung magsampa ka ng angkop na proseso na reklamo ngunit mabigong lumahok sa proseso ng resolusyon, maaantala nito ang simula ng tinakdang panahon ng angkop na proseso (higit pa tungkol sa mga tinakdang panahon sa ibaba).

Ang panahon ng resolusyon ay 30 araw mula sa petsa na isinampa ang angkop na proseso na reklamo (o mula sa petsa na ang reklamo ay maayos na binago). Kung hindi pa nalutas ng distrito ng paaralan ang angkop na proseso na reklamo sa iyong kasiyahan hanggang sa lumipas ang 30 araw, maaaring magpatuloy ang angkop na proseso na pagdinig. Kapag ang 30-araw na panahon ng resolusyon ay matapos, mayroong 45-araw na panahon para sa angkop na proseso na pagdinig at para magpasya ang opisyal ng pagdinig (tingnan ang pahina 24), maliban kung ikaw at ang distrito ay sumang-ayon sa pamamagitan na aabot ng lampas sa 30 araw. Tandaan din na ang 30-araw na panahon ng resolusyon ay maaaring matapos nang maaga kung, sa panahon ng 30 araw, ikaw at ang distrito ay sumang-ayon sa pamamagitan ng pagsulat na walang posibleng kasunduan ang maaabot.

Sa 30-araw na panahon ng resolusyon, at sa loob ng unang 15 araw ng kalendaryo ng pagkatanggap ng angkop na proseso na reklamo, dapat magtakda ang distrito ng paaralan ng pagpupulong sa resolusyon. Kung hindi magsasagawa ang distrito ng pagpupulong sa resolusyon sa loob ng 15 araw ng kalendaryo o hindi lumahok sa pagpupulong sa resolusyon, maaari kang humiling sa opisyal ng pagdinig na simulan ang panahon ng 45-araw na angkop na proseso na pagdinig. Hindi inaatasan ang distrito na magtakda ng pagpupulong sa resolusyon kung ito ay nagsampa ng angkop na proseso na reklamo.

Pagpupulong sa Resolusyon

Ang layunin ng pagpupulong sa resolusyon ay upang bigyan ka ng pagkakataon na talakayin ang mga problema sa reklamo at para magkaroon ng pagkakataon ang distrito ng paaralan na makipagtulungan sa iyo tungo sa isang resolusyon. Responsibilidad ng distrito na magtawag ng pagpupulong sa resolusyon, at kinakailangan kang lumahok. Kung hindi ka lalahok sa pagpupulong sa resolusyon at dinokumento ng distrito ang iyong kakulangan ng partisipasyon, maaaring hilingin ng distrito sa opisyal ng pagdinig na ibasura ang iyong angkop na proseso na reklamo sa pagtatapos ng 30-araw na panahon.

Ikaw at ang distrito ng paaralan ang magpapasya kung alin sa mga miyembro ng pangkat ng IEP ang dapat dumalo sa pagpupulong sa resolusyon. Dapat kasama sa pagpupulong na ito ang kinatawan ng distrito ng paaralan na may awtoridad na magpasya para sa distrito.

Ang abogado ng distrito ay hindi dadalo sa pagpupulong na ito maliban kung pinili mong padaluhin ang iyong abogado. Ang pagpupulong na ito ay isang kinakailangang hakbang sa proseso ng resolusyon maliban kung ikaw at ang distrito ay sumang-ayon sa pamamagitan ng pagsulat na ipaubaya ang pagpupulong sa resolusyon o ikaw at ang distrito ay sumang-ayon na gamitin ang pamamagitan sa halip na pagpupulong sa resolusyon. Ikaw at ang distrito ay pinahihintulutan na magsagawa ng pamamagitan lampas sa 30-araw ng panahon sa resolusyon kung sumang-ayon kayo pareho. Pipigilan nito na magsimula ang 45-araw na panahon sa angkop na proseso na pagdinig at pagpasya.

Kung malutas mo at ng distrito ang inyong hindi pagkakaunawaan sa pagpupulong sa resolusyon, pareho kayong dapat pumirma sa isang legal na umiiral na kasunduan na:

- Nagpapahayag ng kung ano ang mangyayari sa pamamagitan ng pagsulat;
- Parehong pirmado mo at ng kinatawan ng distrito; at
- Maipapatupad ng korte.

Legal na umiiral ay nangangahulugan na kung ikaw o ang distrito ng paaralan ay hindi sumunod sa kasunduan, maaaring ikaw o ang distrito ay aatasan ng korte na sundin ito.

Kung ikaw o ang distrito ng paaralan ay magpasya na hindi sumang-ayon, pagkatapos pumirma ng kasunduan, alinman sa inyo ay maaaring kanselahin ang kasunduan sa loob ng tatlong araw ng negosyo ng mula sa pagpirma nito.

Kung ikaw at ang distrito ng paaralan ay umabot sa kasunduan tungkol sa angkop na proseso na reklamo bago matapos ang 30-araw na panahon sa resolusyon, ang reklamo ay isasara at wala nang isasagawang angkop na proseso na pagdinig.

Ang Proseso sa Pagdinig

Ang angkop na proseso na pagdinig ay dapat nakatakda at isinasagawa sa lokasyon at oras na makatuwirang madali para sa iyo at ng distrito ng paaralan. Ang walang kinikilingang opisyal ng pagdinig ay makikipag-ugnayan sa iyo at sa distrito sa parehong oras kapag kinakailangan ang komunikasyon sa panahon ng proseso ng pagdinig. Sa ibang salita, lahat ng pakikipag-ugnayan sa pagitan ng walang kinikilingang opisyal ng pagdinig, ikaw at ng distrito ay magaganap nang sabay at hindi hiwalay.

Ang 45-araw na panahon sa angkop na proseso (at para magpasya ang walang kinikilingang opisyal ng pagdinig) ay magsisimula matapos ang 30-araw na panahon sa resolusyon o matapos mangyari ang isa sa mga ito:

- Ikaw at ang distrito ay sumang-ayon sa pamamagitan ng pagsulat na ipaubaya (hindi magkaroon) ng pagpupulong sa resolusyon; o
- Kapag nagsimula kayong talakayin ang mga isyu sa pagpupulong sa resolusyon o pagpupulong sa pamamagitan, ikaw at ang distrito ay sumang-ayon sa pamamagitan ng pagsulat na walang kasunduan ang posible; o
- Ikaw at ang distrito ay sumang-ayon sa pamamagitan ng pagsulat na lumampas sa 30-araw na panahon sa resolusyon upang makapagpatuloy kayo sa pamamagitan, at alinman sa iyo o sa distrito ay umatras sa proseso ng pamamagitan.

Maliban kung sumang-ayon ang walang kinikilingang opisyal ng pagdinig na magbigay ng karagdagang panahon (o sa ibang salita, magbibigay ng pagpapahaba ng panahon), sa kahilingan ng isa sa mga partido sa loob ng 45-araw na panahon ng pagdinig, ang sumusunod ay mangyayari:

- Dapat maganap ang pagdinig;
- Dapat maabot ang pasya sa pagdinig; at
- Ang kopya ng pasya ay dapat parehong ipadala sa pamamagitan ng sertipikadong koreo sa iyo at sa distrito ng paaralan, pati na rin sa Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio.

Hindi bababa ng 5 araw bago ang angkop na proseso na pagdinig, ikaw at ang distrito ng paaralan ay dapat lumahok sa isang pagpupulong sa paghahayag. Ito ay isang pakikipag-usap upang matiyak na parehong ikaw at ang distrito ay mayroon ng impormasyon na ilalahad sa pagdinig.



Ang Angkop na Proseso na mga Pagdinig ay Isinasagawa ng Isang Walang Kinikilingang Opisyal ng Pagdinig

Kapag ang angkop na proseso na reklamo ay hindi malutas, hahantong ito sa pormal na pagdinig na isasagawa ng isang walang kinikilingang opisyal ng pagdinig. Ang opisyal ng pagdinig ay dapat isang abogado na sinanay ng Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio upang magsagawa ng angkop na proseso na mga pagdinig.

Ang distrito ng paaralan ang magbabayad ng gastos sa opisyal ng pagdinig, gayunpaman ang naturang indibiduwal ay walang kinikilingang ikatlong partido. Siya ay hindi natatrabaho sa distrito ng paaralan o ibang pampublikong ahensiya sa edukasyon at hindi maaaring may personal o propesyonal na interes na kikilingan ang isang partido kaysa sa isa.

Dagdag pa, ang opisyal ng pagdinig ay alam na alam ang mga kinakailangan sa espesyal na edukasyon, kabilang ang IDEA, pederal at pang-estadong mga batas at regulasyon at kung paano ipakahulugan ang mga kaso sa espesyal na edukasyon.

Pagkatapos ng pagdinig, ang opisyal ng pagdinig ay susulat ng pasya ayon sa karaniwang legal na kasanayan. Ang iyong distrito o ang Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio ay makapagbibigay ng listahan ng mga opisyal ng pagdinig at kanilang mga kwalipikasyon, o maaari kang humanap ng listahan sa pamamagitan ng pagbisita sa education.ohio.gov, at hanapin ang mga keyword, *mga opisyal ng pagdinig sa angkop na proseso na pagdinig (due process hearing officers)*.

Mga Karapatan sa Pagdinig

Sa angkop na proseso na pagdinig, mayroon kang karapatan na:

- Padaluhin ang iyong anak na paksa ng pagdinig;
- Humiling na maging bukas sa publiko ang pagdinig;
- Padaluhin ang iyong abogado o taong may espesyal na kaalaman sa mga batang may mga kapansanan at mapayuhan ka;
- Maglahad ng ebidensya (patunay), harapin at suliting-tanong (tanungin) ang mga saksi at atasan ang pagdalo ng mga saksi (muli, tutugunan lamang ng pagdinig ang mga isyu na iyong isinaad sa iyong angkop na proseso na reklamo, maliban kung sumang-ayon ang distrito na isaad ang mga bagong isyu);
- Ipagbawal ang pagpapakita ng anumang ebidensya na hindi ipinakita sa iyo ng hindi bababa sa limang araw ng negosyo bago ang pagdinig; at
- Nang walang gastos sa iyo, makatanggap ng salita-sa-salita na nakasulat, o kung mas nais mong elektronikong, talaan ng pagdinig, at anumang mga talaan ng pagtuklas at mga pasya.

Kung Ikaw ay Sasamahan ng Sinumang mga Tagapagtaguyod na Hindi mga Abogado

Kung ikaw ay sasamahan ng sinumang mga tagapagtaguyod na hindi mga abogado, ang mga indibiduwal na ito ay karapat-dapat na makatanggap ng bayad sa abogado (o anumang bayad para sa kanilang mga serbisyo) mula sa kabilang partido. Ang tagapagtaguyod ay hindi maaaring magsanay ng batas sa pagdinig at ang paglahok ng tagapagtaguyod ay maaaring limitado lamang sa panahon ng paglilitis.

Pinabilis na Angkop na Proseso na Reklamo at Tinakdang Panahon

Ang pinabilis na angkop na proseso na pagdinig ay isang pagdinig na may mas mabilis na tinakdang panahon na pinapadali ang resolusyon ng ilang mga hindi pagkakaunawaan sa espesyal na edukasyon. Alinman sa iyo o distrito ang maaari lamang magsumite ng kahilingan para sa pinabilis na angkop na proseso na pagdinig sa mga sitwasyong ito kung:

1. Hindi ka sumang-ayon sa pasya ng distrito ng paaralan tungkol sa pang-edukasyon na pagtatalaga ng iyong anak (programa o mga serbisyo), at resulta ito ng pagdidisiplina ng paaralan sa iyong anak; o
2. Hindi ka sumang-ayon sa mga resulta ng pagtutukoy ng palatandaan; o
3. Ang distrito ng paaralan ay naniniwala na ang kasalukuyang pang-edukasyon na pagtatalaga (programa o mga serbisyo) ng iyong anak ay may malaking posibilidad na magresulta sa pinsala sa iyong anak o sa iba.

Kasama sa pinabilis na tinakdang panahon sa angkop na proseso na reklamo ang panahon ng resolusyon na 15 araw ng kalendaryo at tinakdang panahon ng pagdinig na 20 araw ng pasukan. Dapat magtakda ang distrito ng paaralan ng pagpupulong sa resolusyon sa loob ng pitong araw ng kalendaryo ng pagtanggap ng angkop na proseso na reklamo. Matapos ang pinabilis na angkop na proseso na pagdinig, ang opisyal ng pagdinig ay may 10 araw ng pasukan upang sumulat ng pinal na pasya at ibigay ito sa iyo at sa distrito. Walang karagdagang panahon ang idaragdag sa panahon ng pinabilis na angkop na proseso na reklamo.



Ang pasyang ginawa ng walang kinikilingang opisyal ng pagdinig sa pagtatapos ng angkop na proseso na pagdinig ay pinal maliban kung ang agrabyadong partido ay magsusumite ng apela nang direkta sa Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio sa loob ng 45 araw ng pagkatanggap ng pasya. Ang agrabyadong partido ay maaring ang magulang o ang distrito kung ang pasya ng opisyal ng pagdinig ay hindi kanais-nais sa partido (na nangangahulugan na hindi nagwagi ang partido).

Paano Umapela sa mga Pasya ng Opisyal ng Pagdinig

Upang umapela sa pasya ng opisyal ng pagdinig, dapat kang magpadala ng kopya ng iyong apela sa pamamagitan ng pagsulat sa Kagawaran at isang kopya ng apela sa tagapamahala ng iyong distrito ng paaralan. Ang Kagawaran ay magtatalaga ng estadong-lebel na opisyal na tagarepaso (opisyal na tagarepaso) upang magsagawa ng walang kinikilingang pagrepaso ng angkop na proseso na pasya. Ang Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio ang magbabayad sa opisyal na tagarepaso. Susuriin ng opisyal na tagarepaso ang mga talaan ng buong angkop na proseso na pagdinig. Dagdag pa, titiyakin ng opisyal na tagarepaso na sumunod ang pagdinig sa mga kinakailangan ng angkop na proseso at hihiling ng karagdagang ebidensya kung natukoy na kinakailangan. Ang opisyal na tagarepaso ay maaaring humiling ng berbal o nakasulat na mga pangangatwiran mula sa iyo o sa distrito ng paaralan. Kung ang opisyal na tagarepaso ay magsasagawa ng pagdinig upang isaalang-alang ang berbal na pangangatwiran, lahat ng mga karapatan sa pagdinig (tingnan ang pahina 25) na binibigay sa iyo sa isang angkop na proseso na pagdinig ay ibibigay din sa iyo sa panahon ng pagdinig.

Upang Humiling ng Apela sa Pasya ng Walang Kinikilingang Opisyal ng Pagdinig

Maaari kang tumutol sa pasya ng walang kinikilingang opisyal ng pagdinig (apela) sa pamamagitan ng pagsulat sa loob ng 45 araw ng kalendaryo ng pagkatanggap ng pasya. Ipadala ang iyong apela sa:

Ohio Department of Education
Office for Exceptional Children
Dispute Resolution Section
25 South Front Street
Mail Stop 409
Columbus, Ohio 43215

Para sa karagdagang tulong, mangyaring tumawag sa Tanggapan para sa Pambihirang mga Bata ng Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio sa (614) 466-2650, o libreng tawag sa (877) 644-6338.

Takdang Panahon/Pagpapahaba ng Panahon

Sa loob ng 30 araw pagkatapos matanggap ng Kagawaran ang iyong kahilingan para sa estadong-lebel na pagrepaso, ang opisyal na tagapagrepaso ay maglalabas ng pasya, maliban kung magbibigay siya ng pagpapahaba ng panahon, na maaaring hilingin ng alinman sa magulang o distrito (gayunpaman, tandaan na ang mga pagpapahaba ng panahon ay hindi maaaring ibigay sa panahon ng apela mula sa pinabilis na angkop na proseso na pagdinig). Maaari ka ring humiling ng elektroniko o nakasulat na mga kopya o salita-sa-salita na elektronikong mga talaan ng mga pagtuklas at pasya ng opisyal na tagarepaso.

Pag-apela sa Pederal o Pang-estado na Korte

Ang pasya sa pang-estadong lebel na pagrepaso ay pinal maliban kung ito ay inapela sa pederal o pang-estadong korte. Ang agrabyadong partido (na hindi nagwagi) ng pasya ng opisyal na tagarepaso ay may karapatan na magsampa ng kaso sa pederal na korte ng distrito sa loob ng 90 araw mula sa petsa ng pasya ng opisyal na tagarepaso o sa korte ng karaniwang pagsusumamo ng county kung saan ang distrito ng paaralan ng panirahan ng anak sa loob ng 45 araw ng pagkatanggap ng abiso ng pasya ng opisyal na tagarepaso. Rerepasuhin ng korte ang mga talaan, didinggin ang karagdagang ebidensya sa kahilingan ng mga partido at pagkatapos ay gagawa ng pinal na pasya batay sa mga talaan at ebidensyang inilalahad. Dapat mong bayaran ang mga gastos sa korte para sa apela na iyong sinampa sa korte ngunit, kung magwagi ka, maaaring karapat-dapat ka sa mga bayad sa korte at mga bayad sa abogado (tingnan ang pahina 28) sa pasya ng korte.

Katayuan ng Bata sa Panahon ng Angkop na Proseso

- Dapat manatili ang iyong anak o manatili sa kasalukuyang pang-edukasyon na pagtatalaga habang ang angkop na proseso na reklamo ay nagaganap, maliban kung ikaw o ang distrito ng paaralan ay sumang-ayon na maaaring magbago ang pang-edukasyon na pagtatalaga ng iyong anak.
- Ang kasalukuyang pang-edukasyon na pagtatalaga ng iyong anak ay kung ano ang inilarawan sa kaniyang pinakahuling ipinapatupad na IEP.
- Kung ang iyong anak ay itinalaga sa pansamantalang alternatibong pang-edukasyon na kalalagyan (IAES, interim alternative educational setting – isang panandaliang kalalagyan sa pag-aaral sa labas ng paaralan) dahil sa pagdidisiplina ng distrito ng paaralan, mananatili ang iyong anak sa pang-edukasyon na kalalagyan hanggang magpasya ang opisyal ng pagdinig o hanggang matapos ang pagdidisiplina ng distrito sa iyong anak, alinman ang unang mangyari;
- Kung kasama sa angkop na proseso na reklamo ang pagpapasok sa distrito, ang iyong anak, sa iyong pahintulot, ay dapat italaga ng distrito hanggang ang angkop na proseso ay makumpleto.
- Kung kasama sa angkop na proseso ang aplikasyon na simulan ang mga serbisyo sa ilalim ng bahagi ng edad ng pasok ng batas dahil ang iyong anak ay naging 3 taong gulang at hindi na kwalipikado para sa mga serbisyo sa ilalim ng maagang pamamagitan na bahagi ng batas, ang distrito ng paaralan ay hindi inaatasang magbigay ng mga serbisyo sa maagang pamamagitan na hindi natatanggap ng iyong anak.
- Kung ang iyong anak ay natuklasang kwalipikado para sa mga serbisyo sa espesyal na edukasyon at pumapayag ang magulang sa unang pagbibigay ng mga serbisyo, dapat magbigay ang distrito ng paaralan ng mga serbisyong iyon na hindi kasama sa hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng magulang at distrito.
- Kung ang opisyal na tagarepaso ay sumasang-ayon sa mga magulang ng bata na naaangkop ang pagbabago sa pagtatalaga, dapat ituring ang pagtatalaga bilang kasunduan sa pagitan ng estado at ng mga magulang para sa mga layunin ng pagpapanatili.

Mga Singil ng Abogado

Maaari kang kumuha ng abogado anumang oras upang kumatawan sa iyo sa angkop na proseso (o mga paglilitis sa apela ng pasya sa angkop na proseso), ngunit dapat mong bayaran ang iyong sariling mga legal na bayarin. Kung pinili mong kumuha ng abogado at magwagi (tumanggap ng kanais-nais na pasya) sa anumang aksyon o paglilitis kaugnay sa iyong angkop na proseso sa pagdinig (ikaw ang nagwaging partido), maaaring atasa ng korte ang distrito na bayaran ka para sa makatuwirang mga singil ng abogado.

Kung Magwagi ang Distrito

Kung magwagi ang distrito, maaring atasan ka ng korte na bayaran ang makatuwirang mga singil ng abogado ng distrito. Maaaring atasan ka o ang iyong abogado ng korte na bayaran ang mga singil ng abogado ng Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio o iyong distrito ng paaralan kung magwagi sila at magpasya ang korte ng alinman sa sumusunod:

- Ang aksyon ay walang kabuluhan, hindi makatuwiran o walang batayan;
- Patuloy kang nagsagawa ng legal na aksyon pagkatapos na ang aksyon ay malinaw na naging walang kabuluhan, hindi makatuwiran o walang batayan; o
- Ang aksyon ay nagdala ng hindi wastong layunin, tulad ng panliligalig, maging sanhi ng hindi kinakailangang pagkaantala, o hindi kinakailangan pagtaas ng gastos sa legal na bayarin.

Kung Mag-atas ang Korte na Bayaran sa Iyo o sa Distrito ang mga Legal na Bayarin

Kung mag-atas ang korte na bayaran sa iyo o sa distrito ang mga legal na bayarin, magpapasya ang korte ng makatuwirang halaga. Ang singil sa abogado ay dapat batay sa karaniwang halaga sa komunidad kung saan ang aksyon o paglilitis ay sinampa at sa uri ng kalidad ng mga serbisyong ibinigay. Mayroong ilang limitasyon sa kakayahan ng korte na magkaloob para sa singil ng abogado.

Hindi maaaring magkaloob ang korte para sa singil ng abogado sa mga sitwasyong ito:

- Kung saan gumawa ang distrito ng nakasulat na alok na aregluhin ang hindi pagkakaunawaan sa loob ng 10 araw ng paglilitis, hindi mo kailangang tanggapin ang alok sa loob ng 10 araw, at ang pasya sa kaso ay hindi gaanong kanais-nais sa iyo kaysa sa iminungkahing pag-areglo na inaalok ng distrito;
 - Gayunpaman, maaaring magkaloob ang korte ng mga singil sa iyo kung magwagi ka sa aksyon at magpasya ang korte na ikaw ay lubos na nabigyang-katarungan (may magandang dahilan) na hindi tanggapin ang alok ng pag-areglo ng distrito;
- Para sa paglahok ng iyong abogado sa pagpupulong sa IEP maliban kung ang pagpupulong ay tinawag bilang resulta ng administratibong pagdinig o aksyon ng korte; at
- Para sa paglahok ng iyong abogado sa pagpupulong sa resolusyon.

Pagbawas ng Singil ng Abogado

Maaari ring bawasan ng korte ang pagkaloob ng mga singil ng abogado kung:

- Sa panahon ng paglilitis, ikaw o ang iyong abogado ay hindi makatuwirang inantala ang pinal sa solusyon sa hindi pagkakaunawaan;
- Ang halaga ng singil ng iyong abogado ay hindi makatuwirang mas mataas kaysa sa orasang halaga na ang nangingibabaw na halaga sa komunidad para sa katulad na mga serbisyo ng mga abogadong may makatuwirang maihahalintulad na kakayanan, reputasyon at karanasan;
- Ang panahon iginugol at legal na mga serbisyong iyong natanggap ay labis-labis batay sa uri ng aksyon o paglilitis;
- Hindi nagbigay ang iyong abogado ng angkop na impormasyon sa distrito ng paaralan sa iyong abiso sa reklamo.

Wala sa itaas ang naaangkop kung matuklasan ng korte na ang estado o distrito ng paaralan ay hindi makatuwirang inantala ang pinal na resolusyon ng aksyon o paglilitis o kung hindi man ay lumabag sa mga pananggalang sa pamamaraan ng IDEA.

Disiplina

Mga Pamamaraan sa Disiplina para sa mga Batang May mga Kapansanan

Sa ilang mga kaso, maaaring ipatuloy ng iyong distrito ng paaralan na magbigay ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon sa iyong anak na may kapansanan, kahit pa pagkatapos suspindihin, paalisin o kung hindi man ay tinanggal ang iyong anak mula sa kaniyang kasalukuyang pang-edukasyon na pagtatalaga (tukuyin ang IEP ng iyong anak para sa karagdagang impormasyon sa kaniyang kasalukuyang pagtatalaga sa edukasyon).

Pang-edukasyon na Pagtatalaga at mga Alternatibo

Kung ang iyong anak ay tinanggal mula sa kaniyang kasalukuyang pang-edukasyon na pagtatalaga para sa paglabag sa mga panuntunan ng distrito ng paaralan nang mas mababa sa 10 magkakasanod na araw ng pasukan, hindi kailangang magbigay ang distrito ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon sa iyong anak sa panahong iyon. Kung ang iyong anak ay tinanggal sa paaralan *nang higit sa 10 magkakasanod na araw ng pasukan*, dapat patuloy na magbigay ang paaralan ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon sa iyong anak, kahit pa ito ay nasa ibang pang-edukasyon na kalalagyan (halimbawa, sa ibang silid-aralan, gusali, o sa bahay ng estudyante).

Kung tatanggalin ng distrito ng paaralan ang iyong anak mula sa kanyang kasalukuyang pagtatalaga nang higit sa 10 magkakasanod na araw ng pasukan sa parehong taon ng paaralan, ito ay itinuturing na pagbabago sa pang-edukasyon na pagtatalaga ng iyong anak.

Kung tinanggal ng distrito ng paaralan ang iyong anak mula sa kaniyang kasalukuyang pang-edukasyon na pagtatalaga sa magkahiwalay na okasyon (isang serye ng mga pagtatanggal) na bumubuo ng higit sa 10 araw sa taon ng paaralan, dapat tukuyin ng distrito kung ang mga pagtatanggal na ito ay bumubuo ng pagtatanggal sa pang-edukasyon na pagtatalaga ng iyong anak. Sa pagtukoy nito, dapat isaalang-alang ng distrito ang sumusunod na mga salik:

- Haba ng bawat panahon na tinanggal ang iyong anak;
- Kabuuang haba ng panahon na tinanggal ang iyong anak;
- Gaano kalapit sa isa't isa ang mga pagtatanggal; at
- Pagkakatulad ng pag-uugali ng iyong anak sa kaniyang pag-uugali bago ang mga pangyayari kung saan tinanggal ang iyong anak.

Kapag nagbabago ng pang-edukasyon na pagtatalaga ng iyong anak dahil hindi sumunod ang iyong anak sa mga panuntunan sa paaralan, ang distrito ng paaralan, magulang at ang naaangkop na mga miyembro ng pangkat ng IEP ay dapat magpupulong upang gumawa ng pagrepaso ng pagtutukoy ng palatandaan. Ang layunin ng pagrepaso ng pagtutukoy ng palatandaan ay upang tukuyin kung ang pag-uugali ng iyong anak ay sanhi ng o may direkta at makabuluhang ugnayan sa kapansanan ng iyong anak.



Pagtutukoy ng Palatandaan

Bago baguhin ang pang-edukasyon na pagtatalaga ng iyong anak para sa mga kadahilanan sa pagdisiplina, dapat gumawa ang distrito ng paaralan ng ilang mga hakbang upang protektahan ang mga karapatan ng iyong anak. Ang isang hakbang ay ang pagsagawa ng pagpupulong sa pagrepaso ng pagtutukoy ng palatandaan. Ang pagpupulong na ito ay upang tukuyin kung ang pag-uugali ng iyong anak ay sanhi ng o may direkta at makabuluhang ugnayan sa kapansanan ng iyong anak. Sa ibang salita, sanhi ba ng kanyang kapansanan ang pag-uugali ng iyong anak? Tutukuyin ng pangkat ng IEP ng estudyante kung ang pag-uugali ng iyong anak ay sanhi ng kapansanan sa loob ng 10 araw ng pasukan ng anumang pasya upang baguhin ang pang-edukasyon na pagtatalaga.

Mangyaring Tandaan

Ang iyong anak ay napapailalim sa parehong mga panuntunan at disiplina tulad ng sinumang estudyante sa paaralan at patuloy na tatanggap ng mga serbisyon inilarawan sa IEP, ngunit maaaring hindi sa parehong pagtatalaga.

Ang Pagpupulong sa Pagrepaso ng Pagtutukoy ng Palatandaan

Sa pagpupulong sa pagrepaso ng pagtutukoy ng Palatandaan, rerepasuhin mo at ng ibang mga miyembro ng pangkat ng IEP ang kaugnay na impormasyon kabilang ang IEP ng iyong anak, mga obserbasyon ng guro at anumang kaugnay na impormasyong ibinigay.

Kung ang pag-uugali ay palatandaan ng kapansanan ng iyong anak, ang iyong anak ay ibabalik sa pagtatalaga kung saan siya tinanggal, maliban kung sumang-ayon ang pangkat ng IEP sa pagbabago ng pagtatalaga.

Kung ang pag-uugali ng iyong anak ay natuklasan na palatandaan ng kapansanan, ang pangkat ng IEP ay dapat:

1. Simulan ang pagsusuri sa pagganap ng pag-uugali sa loob ng 10 araw at kumpletuhin ito sa lalong madaling panahon. Ang pagsusuri sa pagganap ng pag-uugali ay isang pagrepaso ng pag-uugali ng iyong anak na gagamitin upang matukoy kung ano, sa kapaligiran ng iyong anak, ang nagsasanhi ng hindi angkop na pag-uugali, pati na rin kung aling pag-uugali sa pagtatalaga ang kailangang ituro upang makatanggap ng positibong mga resulta at katugunan ang iyong anak.; at
2. Simulan ang plano sa pamamagitan sa pag-uugali para sa iyong anak kung ang pagsusuri sa pagganap ng pag-uugali ay nakumpleto na at kaugnay sa disiplinang naroon. (Tinutugunan ng plano sa pamamagitan sa pag-uugali ang mga pag-uugali na hindi angkop para sa paaralan at ang tiyak na mga paraan na susubukan ng paaralan upang bawasan ang mga ito.); o
3. Kung mayroon nang plano sa pamamagitan ng pag-uugali, repasuhin ang plano at gumawa ng anumang mga kinakailangang pagbabago sa loob ng 10 araw.



Ang pasya na italaga ang iyong anak sa pansamantalang alternatibong pang-edukasyon na kalalagyan (IAES, interim alternative educational setting) ay gagawin ng pangkat sa IEP ng iyong anak. Ang IAES ay isang panandalang ibang pagtatalaga para sa iyong anak upang tumanggap ng espesyal na edukasyon. Sa petsa na magpasya ang pangkat sa IEP na baguhin ang pagtatalaga ng iyong anak tungo sa IAES dahil lumabag ang iyong anak sa panuntunan sa paaralan, dapat abisuhan ka ng distrito ng paaralan ng pasya at bigyan ka nito ng Patnubay sa mga Karapatan ng Magulang sa Espesyal na Edukasyon.

Kahit pa ang pag-uugali ng iyong anak ay sanhi ng kapansanan ng iyong anak, maaaring tanggalin ng distrito ang iyong anak patungo sa IAES nang hanggang 45 na araw ng pasukan kung ang iyong anak ay:

- Nagdala ng sandata;
- Alam na nagtataglay o gumamit ng ilegal na droga, o ipinagbili o sinubukang bumili o magbenta ng isang kontoladong sangkap (halimbawa, mga narkotiko); o
- Nagdulot ng malubhang pinsala sa katawan sa ibang tao.

Karaniwan itong naaangkop kung ginawa ng iyong anak ang pag-uugali sa daan papunta sa paaralan, sa paaralan o sa isang kaganapan sa paaralan.

Kung ang pag-uugali ng iyong anak ay **hindi direktang sanhi ng kapansanan ng iyong anak**, maaaring italaga ang iyong anak sa IAES sa parehong haba ng panahon na ang batang walang kapansanan ay didisiplinahin.

Kung ang pag-uugali ng iyong anak ay **direktang sanhi ng kapansanan ng iyong anak** at lumabag ang iyong anak sa mga panuntunan ng paaralan, dapat ibalik ang iyong anak sa pang-edukasyon na kalalagyan mula sa kung saan siya tinanggal, maliban kung ikaw at ang distrito ng paaralan ay sumang-ayon sa pagbabago ng pagtatalaga bilang bahagi ng pagbabago sa plano sa pamamagitan sa pag-uugali o IEP.

Gayunpaman, kung naniniwala ang distrito na ang pananatili ng iyong anak sa kaniyang kasalukuyang pang-edukasyon na pagtatalaga (ayon sa IEP ng iyong anak) ay mas malamang na magresulta sa pinsala sa iyong anak o sa iba, maaaring magtawag ang distrito ng paaralan ng pagpupulong sa IEP upang talakayin ang alalahing ito. Kung ikaw at ang distrito ay hindi sumang-ayon tungkol sa pagbabago ng pagtatalaga, maaaring humiling ang distrito ng pinabilis na angkop na proseso na pagdinig – sa ibang salita, maaari itong humiling na bilisan ang angkop na proseso na pagdinig para sa mas mabilis na resolusyon (Tingnan ang pinabilis na angkop na proseso sa pahina 25).

Kung Hindi Ka Sumang-ayon sa Pagbabago ng Pang-edukasyon na Pagtatalaga o sa Pagtuklas na Pagdinig sa Pagrepaso ng Pagtutukoy ng Palatandaan

Maaari kang humiling ng pinabilis na angkop na proseso na pagdinig upang hamunin ang pasya na baguhin ang kasalukuyang pang-edukasyon na kalalagyan ng iyong anak dahil sa pagdidisiplina o upang hamunin ang mga natuklasan sa pagrepaso ng pagtutukoy ng palatandaan. (Tingnan ang impormasyon sa angkop na proseso sa mga pahina 24 – 25). Ang walang kinikilingang opisyal ng pagdinig ay magpapasya sa panahon ng pinabilis na angkop na proseso na pagdinig kung ang distrito ng paaralan ay sumunod sa mga kinakailangan kapag binago nito ang pagtatalaga ng iyong anak o kung maipakita ng distrito na ang pag-uugali ng iyong anak ay palatandaan o hindi palatandaan ng kapansanan ng iyong anak.

Ayon sa nabanggit sa itaas, ang distrito ng paaralan ay maaaring humiling ng pinabilis na angkop na proseso na pagdinig kung naniniwala ang distrito na ang pagpapatuloy ng pagtatalaga ng iyong anak ay mas malamang na magresulta ng pinsala sa iyong anak o sa iba. (Tingnan ang pinabilis na angkop na proseso sa pahina 25).

Kapag ang Pag-uugali ng Iyong Anak ay Dahil sa Pinaghihinalaang Kapansanan

Kung ang iyong anak ay walang IEP, maaari kang humiling sa paaralan na ituring ang iyong anak bilang batang may kapansanan kung alinman sa mga bagay na ito ay nangyari bago lumabag ang iyong anak ng panuntunan sa paaralan:

- Pinaalam mo sa mga pinuno ng paaralan o sa guro ng iyong anak, sa pamamagitan ng pagsulat, na sa palagay mo ay maaaring kailangan ng iyong anak ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon; o
- Humiling ka ng pagsusuri para sa iyong anak; o
- Pinaalam ng guro ng iyong anak o ibang kawani ng distrito ng paaralan sa patnugot sa espesyal na edukasyon ng distrito o ibang kawani ng pamamahala nang direkta ang partikular na mga alalahanin tungkol sa pag-uugali ng iyong anak.

Hindi aasahang ituring ng distrito ng paaralan ang iyong anak bilang batang may kapansanan kung tumanggi kang bigyan ng pahintulot ang distrito na suriin ang iyong anak para sa espesyal na edukasyon. Totoo rin ito kung tumanggi ka sa espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo para sa iyong anak o kung ang iyong anak ay sinuri at nagpasya ang pangkat na ang iyong anak ay walang kapansanan. Maaaring disiplinahan ng distrito ang iyong anak sa parehong paraan na dinidisciplina nito ang mga estudyanteng walang mga kapansanan na aasal sa parehong mga paraan.



Sariling Pagtatalaga ng mga Batang May Kapansanan ng mga Magulang sa Isang Pribadong Paaralan sa Gastos ng Publiko

Proseso sa Pagpapasya ng Pagbabalik-bayad

Kung pipiliin mong italaga ang iyong anak sa isang pribadong paaralan, ang iyong distrito ay hindi kailangang magbayad para sa gastos sa edukasyon o espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa pribadong paaralan hangga't inaalok ng distrito sa iyong anak ang isang libreng naaangkop na pampublikong edukasyon (FAPE, free appropriate public education) sa distrito. Kung naniniwala kang nabigo ang iyong distrito na mabigyan ang iyong anak ng FAPE, mayroon kang opsyon na magsampa ng angkop na proseso na reklamo kung saan isasagawa ang isang pagdinig at ang isang walang kinikilingang opisyal ng pagdinig ay magpapasya kung nag-alok ang distrito ng FAPE sa iyong anak (Tingnan ang impormasyon sa angkop na proseso sa mga pahina 21-27). Kung napagpasyahan ng walang kinikilingang opisyal ng pagdinig sa angkop na proseso na ang iyong distrito ay hindi nagbigay ng FAPE, ang opisyal ng pagdinig ay maaaring magpasya na mayroon kang karapatan sa pagbabalik-bayad (bayaran) para sa iyong gastos sa pagpapatala ng iyong anak sa isang pribadong paaralan.

Pagbawas o Pag-alis ng Pagbabalik-bayad

Kung magkano ang maaaring iatas sa distrito na ibalik-bayad sa iyo ay maaaring bawasan o maaari tuluyang mawala ang pagbabalik-bayad kung alinman sa mga sumusunod ay maganap:

- Sa pagpupulong sa IEP na naganap bago mo alisin ang iyong anak sa paaralan, hindi mo sinabi sa paaralan na hindi mo tatanggapin ang pang-edukasyon na pagtatalaga na iminungkahi ng pangkat sa IEP at sinabi sa kanila ang tungkol sa iyong mga alalahanin, at balak mong ipatala ang iyong anak sa isang pribadong paaralan; o
- Hindi mo sinabi sa pamamagitan ng pagsulat sa paaralan ng hindi bababa sa 10 araw ng negosyo bago tanggalin ang iyong anak mula sa distrito na hindi mo tinatanggap ang IEP at balak mong ipatala ang iyong anak sa isang pribadong paaralan. Kabilang sa 10 araw ng negosyo na ito ang mga piyesta opisyal na tatapat sa araw ng trabaho; o
- Kung bago alisin ang iyong anak mula sa paaralan, binigyan ka ng distrito ng wastong nakasulat na abiso na plano nitong suriin ang iyong anak, at hindi mo pinapunta ang iyong anak para sa pagsusuri; o
- Tutukuyin ng isang korte na hindi ka makatuwirang kumilos.

Proteksyon ng Pagbabalik-bayad

Ang pagbabalik-bayad (halagang babayaran ka) ay hindi maaaring bawasan, o hindi itatanggi sa iyo ang pagbabayad kung:

- Pinigilan ka ng distrito na magbigay ng abiso;
- Hindi sinabi sa iyo ng distrito na kinakailangan mong magbigay ng abiso; o
- Ang pagbibigay ng abiso ay maaaring magresulta sa pisikal na pinsala sa iyong anak.

Gayundin, maaaring matuklasan ng isang opisyal ng korte o pagdinig na ang gastos sa pagbabalik-bayad ay hindi maaaring bawasan o itanggi sa iyo dahil sa pagkabigo na ibigay ang abisong ito kung:

- Hindi mo kayang magbasa o magsulat sa Ingles; o
- Ang pagbibigay ng abiso ay maaaring magresulta ng malubhang emosyunal na pinsala sa iyong anak.



Abiso sa Magulang ng mga Programa sa Iskolarsyip para sa mga Estudyanteng May mga Kapansanan

Kapag Nagkaroon ng Pag-aabiso

Sa tuwing makakukumplesito ang isang distrito ng paaralan ng isang pagsusuri para sa isang batang may kapansanan, o nagsisimulang bumuo, repasuhin o baguhin ang IEP ng isang bata, dapat sasabihin ng distrito sa magulang ng bata ang tungkol sa Programa sa Iskolarsyip sa Autism at ang Programa sa Iskolarsyip ng Jon Peterson.

Programa sa Iskolarsyip sa Autism

Kung ang iyong anak ay tumatanggap ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon sa ilalim ng katategoryang autism, maaaring kwalipikado ka para sa Programa sa Iskolarsyip sa Autism. Sa ilalim ng programa, maaari mong piliin na ipadala ang iyong anak sa isang programa sa espesyal na edukasyon maliban sa isang pinapatakbo ng along distrito ng paaralan ng paninirahan, kung saan tatanggap ang iyong anak ng edukasyon at mga serbisyong nakabalangkas sa kaniyang IEP.

Upang maging kwalipikado para sa programa, ang iyong anak ay dapat:

- Natuklasan ng iyong distrito ng paaralan ng isang batang may autism;
- May kasalukuyang IEP mula sa distrito ng paaralan ng paninirahan na sinang-ayunan mo at pinal na; at
- Hindi bababa sa tatlong taong gulang.

Para sa impormasyon tungkol sa Programa sa Iskolarsyip sa Autism, bumisita sa website ng Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio sa education.ohio.gov at i-type ang *Programa sa Iskolarsyip sa Autism (Autism Scholarship Program)* sa kahon ng paghahanap, o mag-email sa autismscholarship@education.ohio.gov.

Programa ng Jon Peterson sa Iskolarsyip sa Espesyal na mga Pangangailangan

Kung tumatanggap ang iyong anak ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon, maaaring kwalipikado ka para sa Programa ng Jon Peterson sa Iskolarsyip sa Espesyal na mga Pangangailangan. Sa ilalim ng programang ito, maaari kang pumili na ipadala ang iyong anak sa programa sa espesyal na edukasyon maliban sa isang ipinapatakbo ng iyong distrito ng paaralan ng paninirahan, kung saan ang iyong anak ay tatanggap ng edukasyon at mga serbisyo na nakabalangkas sa kaniyang IEP.

Upang maging kwalipikado para sa Programa ng Jon Peterson sa Iskolarsyip sa Espesyal na mga Pangangailangan, ang iyong anak ay dapat:

- Natuklasan ng iyong lokal na distrito ng paaralan ng paninirahan na isang batang may kapansanan;
- May kasalukuyang IEP mula sa distrito ng paaralan ng paninirahan na sinang-ayunan mo at pinal na; at
- Kwalipikadong dumalo ng kindergarten hanggang baitang 12.

Para sa impormasyon tungkol sa Programa ng Jon Peterson sa Iskolarsyip sa Espesyal na mga Pangangailangan, bumisita sa website ng Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio sa education.ohio.gov at i-type ang *Iskolarsyip ng Jon Peterson (Jon Peterson Scholarship)* sa kahon ng paghahanap, o mag-email sa peterson.scholarship@education.ohio.gov.

Karagdagang Impormasyon

Ang impormasyon sa mga programa sa iskolarsyip ay makikita sa website ng Kagawaran ng Edukasyon ng Ohio sa education.ohio.gov.

Para sa karagdagang impormasyon o mga tanong tungkol sa mga programa sa iskolarsyip na ito, makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Hindi Pampublikong mga Opsyon sa Edukasyon sa (614) 466-5743 o libreng tawag sa: (877) 644-6338.



education.ohio.gov